

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[Aired on 16 March 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi, mga kababayan. Mayroon ho kaming meeting ngayon at iyong pinag-uusapan namin noong mga ilang araw, ito na 'yung resulta ng trabaho. You know ganito 'yan eh, at Congress kasi 'pag magsabi sila gawain niyo 'tong ganoon, eh pagkatapos gusto nila na after three days, four days, one week, akala nila na madali gawin.

And even in the suspension of e-sabong, tapos 'yung suspension of the excise tax, I do not study or decide alone. It's a — pagka ganitong sa bayan na I have told you it would be the consensus of — collegial body rin itong ano presidency in the sense that I have my Cabinet which I consult, tinatanong ko po 'yung mga secretaries ko kung anong mabuting gawin at pag-aralan.

Eh 'yung minsan ang Kongreso either talagang nagmamadali sila because napag-aralan na nila siguro, ako dito 'pag ipinasa ninyo 'yung mga suggestion or as a matter of procedure sa batas, aabot ko pa 'yung mga suggestions ninyo then I call a meeting. Hindi lang isa, dalawa, pangatlo na ito dahil we have decided to respond whether it is really in the affirmative or ayaw ko dahil I should prepare for my reasons.

You should know that these are policies na sinusunod ng lahat, hindi ito basta-basta na ako lang ang magsalita o ako ang mag-decide. Hindi ho sa akin 'yan, sa lahat — unlike Congress you go to a vote but ito namang Cabinet, they are the alter egos of the President so hindi kailangan magboto. The President just would ask them to study, may mga departamento naman sila. Whatever 'yung gusto nating gawin, pag-aralan namin at sasabihin na namin kung ano ang desisyon.

Iyan po ang sinusunod ng ano talaga. The Cabinet members are there for nothing. Sila 'yung magtrabaho at ako I will just decide after reading the reports then I decide. That's what I'm here for to talk to the nation.

Now tonight we have the following para masundan ninyo: we have Secretary Dominguez, then we have sa — Dominguez of the Department of Finance; Secretary Karl Kendrick Chua sa NEDA, then another very important person now because we have to ask him about the — what would be the result of, the end result of this war now affecting us; then we have Arthur Tugade, fuel subsidy program, 'yan importante 'yan; then we have Dominique Rubia-Tutay sa DOLE *[Nasaan ba si Bebot?]* *[inaudible]* maabutan siya ng nuclear bomb hindi na siya makauwi doon kasama sila, mass grave sila doon 'pag — ; then we have Chairman Andrea Domingo sa PAGCOR.

Then we have another set of Cabinet members sa topics sa updates and other concerns si Secretary Duque; DND Secretary Galvez; then we have Secretary Eduardo Año; then we have Vivencio Dizon, Secretary; then the si Deputy Director General Oscar Gutierrez Jr., 'yung magsalita kada salita “ang mahal kong Presidente.” Maybe respect I would consider pero

huwag kang magsabi sa publiko na “mahal na Presidente” baka sabihin ng mga Pilipino na “hala, nagmahalan sila oh.” Baka sabihin ng mga tao, “mahal mo ba ‘yan si ano, Oca, Oscar?” Iyan man ang ano, diretso na lang if you do not want President. Ako I’d rather you address me as “Mayor” kasi for the longest time mayor. I like the appellation. That’s it.

So we’d call — we call again, ah we call — kasi nag-usap na kami kanina I was giving the — I was given the rundown of what’s — what is it for us, the joint presentation of the economic development cluster. Secretary Dominguez has the floor.

DOF SECRETARY CARLOS DOMINGUEZ III: Thank you very much, Mr. President. We have been receiving many proposals to suspend the imposition of excise taxes on petroleum products. Before we start, we just want to say that we have analyzed the situation very carefully and we want to make sure that any recommendation we make is really good for the country, especially for the people who are in need of assistance.

To start with, let us analyze the taxes that are imposed on fuel. There are two taxes that are imposed on fuel: the first is the excise tax. Excise tax means a tax on the fuel withdrawn from the depot, okay, that’s an excise tax. That is a tax on the volume, it is not related to the value of the tax.

So prior to TRAIN, we had a tax of P4.35 per liter and this was the same tax from 2005 to 2017. That was the tax on gasoline. There was no tax on diesel, no tax on kerosene, and no tax on liquified petroleum gas. However, in 2016 — ah ‘17, we recommended and the Congress agreed to impose the following taxes: P10 per liter on gasoline; P6 per liter for diesel; P5 per liter on kerosene; and P3 per liter on petroleum — on petroleum gas, LPG, per kilo ‘yan hindi per liter, per kilo.

The reason we did this is because we needed funds for our Build, Build, Build Program and for our program, 10-Point Economic Program of the government. In — remember that in 2017, in exchange for an increase in taxes, we also reduced the taxes to 99 percent of all the taxpayers. In fact, the result was each taxpayer, 99 percent of them got an average of one month’s salary for the year from the reduction of the tax.

So we did two things: we increased the tax on fuel because we needed it for Build, Build, Build, and we reduced the taxes on the individuals who are earning a salary and we exempted taxes of anybody earning less than P250,000 a year. So we have to keep that in mind.

We also imposed a tax of VAT, value added tax is a tax on the val — on anything you buy, including fuel. So we estimated that if we suspend the fuel excise taxes under TRAIN, it will reduce the total government revenue by 105 — P105.9 billion in 2022; in 2023, that goes up to P114.4 billion; in 2024, P123.6 billion; and so on. For the 10-year average of P160.3 billion a year or a total of P1,763.2 trillion for 10 years. This is equivalent to roughly one half of one percent of our GDP.

We expected to collect a total of P147.1 billion in fuel excise tax and VAT in 2022. So this is the amount that we were expecting to collect in Q1, Q2, Q3, Q4 and the total excise tax is P131.4 billion and the VAT is P15.8 billion, for a total of 147 billion.

Now, if we cut this tax, if we — this tax of 147 billion that we estimate we will collect in 2022, has already been put in the budget and has already been allocated for different expenditures, and

those are expenditures are for our Build, Build, Build, for the salaries of government employees including soldiers, including policemen, including teachers.

So that money has already been allocated. And if we do not — if we suspend this, and we don't collect it, what will happen is our debt-to-GDP ratio will go up from an estimated 7.7 percent to 8.2 percent. And it will mean that if we — if we will continue to spend the same amount of money, we will have to borrow more money and the amount of — and that will bring up our debt-to-GDP ratio by — to about 61.4 percent.

So in other words, if we cut the — if we reduce the taxes — first of all, if we reduce the excise tax, it will reduce the cost of fuel by 10 pesos and if we reduce the... So that is the first thing.

Now, if we do reduce the tax, let us analyze now who will benefit. We have analyzed it and we know that the top 10 percent of income earners in the Philippines consume almost 50 percent of all the fuel. In other words, if we — and if we look at the top — bottom 50 percent of the Philippines, they only consume 13 percent of the fuel.

So cutting the tax will benefit more the people who have cars and the other richer people. We will not be benefitting so much the bottom 50 percent of our population, that will make it very inequitable.

What we should do instead, I think, is to provide targeted relief to the most vulnerable sectors of our society and we will fund that from the higher VAT taxes — which we will collect because the fuel prices are going to be higher.

Now, we have estimated that the fuel price — if the fuel price is \$100 per barrel, we will collect additional P20 billion in VAT; if it's \$110 per barrel, which is what it is today, it will be P26 billion; \$120 per barrel, we will be collecting an extra 31.8 billion; \$125 per barrel, 34.6 billion; and \$130 per barrel, P37.5 billion.

So this is the extra money that we have not yet allocated. So our recommendation, Mr. President, is to use this extra tax money to subsidize the poorer sections, the poorer people in our society, okay. So we think that we will — the average price might be around \$110 per barrel for the year, therefore we will have an additional P26 billion to distribute directly.

What we have already done and what you have approved, Mr. President, last week, is that we have doubled the fuel subsidy to public transportation from 2.5 billion to 5 billion, and providing subsidies to farmers and fisherfolks, increasing the budget from 500 million to 1.1 billion to reduce their costs.

Now, the first tranche of this has been paid today, was — we paid P2.5 billion and P500 million, respectively. Next month, we will release another P5 billion and P600 million for farmers. So this is the first step.

The second step is we propose to provide additional relief through unconditional cash transfer to the poorest 50 percent of our population. And we est — we propose that we will give them an additional P200 per month or P2,400 per year for each household.

Now, we have around 12 million households in — who are 50 percent and below and the number of people in those households are around 70 million. So that will cost us 33.1 billion, a

little more than what we are going to — what we expect to be collecting from the additional VAT on fuel.

So this is our firm recommendation, Mr. President. One, to retain the fuel excise tax imposed under TRAIN Law because we already budgeted it for salaries of school teachers; Build, Build, Build Program and other expenses. And second, we provide targeted subsidies of P200 per month per household — per household for one year to the bottom 50 percent of the Filipino households, this will amount to P33.1 billion in budgetary requirements.

Mr. President, we realized that this is not enough but this is what we can afford as of this time. And to make sure that our finances, going forward and especially for the next administration are still going to be healthy, this I believe is what we can afford.

So to summarize again: retain the fuel excise taxes imposed under TRAIN Law; provide targeted subsidies to the lowest 50 percent of the households in the Philippines, totalling 12 milli — around 12 million people, this will cost P33.1 [billion] per — for the first year.

So this is our recommendation, Mr. President. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Sonny, may --- may subsidy na 'yung mga --- the talagang 'yung mahihirap?

SEC. DOMINGUEZ: Yes, yes.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong number two, an additional --- in addition to what...

SEC. DOMINGUEZ: Yes, this is in addition to what the --- they are receiving, 'yung mga 4Ps.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, madagdagan 'yung makuha nila.

SEC. DOMINGUEZ: Yes. Yes po madagdagan.

PRESIDENT DUTERTE: Pangdagdag ito para sa pinakamahirap na Pilipino.

SEC. DOMINGUEZ: And this is sustainable. This is something that we can sustain and this is something that we can afford as of this time. So I hope that, Mr. President, you will support this recommendation.

PRESIDENT DUTERTE: Okay.

SEC. DOMINGUEZ: Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Any — anything in — from the other de —? Wala? Wala kayong ano? So sige, iyon ang policy ng Executive department. Now, salamat ha for the enlightened picture.

Kung kaya ninyong mag-Tagalog, Tagalugin na lang ninyo kasi para maintindihan doon sa kagaya nung mga added ano subsidy. Hindi man maintindihan ng tao 'yan.

Ako maski na gaano kabali 'yung bunganga ko sa Tagalog, at least I'm trying to... Ginagawa ko lahat para maka-communicate sa tao so that I can communicate with you para maintindihan lang ninyo 'yung programa at ano ang ginagawa natin para sa kapakanan ng ating bayan.

So the next speaker would be Secretary Karl Kendrick Chua, cautioning the economy from the impact of inflationary pressures.

NEDA DIRECTOR GENERAL AND SOCIOECONOMIC PLANNING SECRETARY KARL KENDRICK CHUA: Magandang gabi, Mr. President, at mga miyembro ng Gabinete.

Bilang Secretary po ng NEDA, tatlo 'yung economic indicators na binabantayan namin para makita po natin kung 'yung welfare ng taumbayan natin ay umuunlad. Ito po ay, una, presyo; pangalawa, trabaho; pangatlo, kita. In other words: price, jobs, and income.

At sa gabing ito, pag-uusapan po natin 'yung antas o bilis ng pagtaas ng presyo o tinatawag nating inflation kasi ito ay may malaking epekto sa ating ekonomiya. Lahat po tayo matatamaan kung ang inflation ay mataas.

Mr. President, higher inflation rate is a tax on all and leads to higher interest rate. Kung mabilis po 'yung pagtaas ng presyo, lahat po ay tinatamaan. Mayaman, mahihirap, mga guro, mga nasa siyudad, mga nasa lalawigan.

At kung tumataas po 'yung presyo, ang sumusunod dito ay iyong pagtaas ng interest rate. At lahat po na humihiram — ang gobyerno, ang mga negosyante, 'yung mga may housing loan, 'yung mga nangutang po sa COOP — ay matatamaan. Kaya binabantayan natin 'yung inflation. Hindi po natin gusto na mataas kasi lahat ay tinatamaan. Parang tina-tax po ang lahat ng Pilipino. At 'yung mga nangungutang ay natatamaan din sa pagtaas ng interest rate.

Ngayon po, sa krisis na nangyayari ngayon ay tumataas po 'yung mga presyo ng pangunahing bilinghin. At kung hindi po natin babantayan ito, puwede po siyang mag-spiral. Ibig sabihin, hindi lamang 'yung presyo ng langis o ng mga — ng gas ay tumataas. Puwede ring sumunod ang pagkain, puwede ring sumunod 'yung mga kuryente, tubig, at iba pa.

Kaya si NEDA po at 'yung economic team niyo binabantayan po natin. Mayroon pong mga mungkahi na maganda po 'yung layunin, 'yung pagtaas ng minimum wage para matulungan ang mga workers at 'yung pagtaas ng mga fares o 'yung pasahe ng mga jeepneys, buses. At maganda po 'yung layunin pero dapat ay mabantayan natin kung talaga ito ay makakabuti sa ating ekonomiya.

So magbibigay po ako ng halimbawa. Halimbawa po ay nag-increase 'yung minimum jeepney fare by P1.25. Ang inflation rate natin ay aakyat by 0.4 percentage points. Ayon po sa BSP (Bangko Sentral ng Pilipinas), iyong inflation rate natin projected na at 3.7 percent. 'Pag dinagdagan pa ito ng 0.4, ang inflation rate ay magiging 4.1 percent.

Ibig sabihin po, kung halimbawa sa last year, P100 ang gastusin mo, this year magiging P104 na 'yung gagastusin. At puwede po naman makinabang 'yung mga jeepney at 'yung mga bus pero 'yung mga nagbibisikleta, 'yung mga naglalakad papunta sa trabaho o sa paaralan, hindi naman po nagbabayad ng fare. Pero sila ay matatamaan. Ito po ay isang consequence ng spiraling of inflation.

Isa pa pong halimbawa 'yung sa minimum wage. Halimbawa po ay nag-increase tayo ng minimum wage by 6 percent sa NCR. Ang ibig sabihin nito ay madadagdagan ng P39 per day.

Ang mangyayari po dito ay magi-increase 'yung inflation natin by 1 percentage point. Ibig sabihin, kung 'yung inflation na natin ay 4 percent, magiging 5 percent.

So ito ay tatama sa lahat ng Pilipino. So makikinabang siguro 'yung minimum wage earner. Pero 'yung mga informal workers na hindi kumikita ng minimum wage, 'yung mga, for instance, 'yung mga piecemeal po 'yung bayad o 'yung mas mababa pa sa minimum wage, sila po ay matatamaan din.

Kaya dapat we should be concerned not only for one sector or one type of worker. Dapat po lahat po ay concern po natin. So ang epekto po nito, kung magtaas po 'yung minimum wage, halimbawa, at 'yung mga fares ng jeepney, buses, ay magdadagdag ito sa ating inflation rate by 1.4 percent.

So 'yung 3.7 percent na sabi po ng Central Bank ay expected ay madadagdagan ng 1.4, magiging 5.1 percent na. At dahil dito, dapat maingat po tayo. Marami po tayong gustong ma-achieve pero dapat alam po natin kung ano po 'yung mas nakakabuti sa ating kapwa Pilipino.

Kaya po, Mr. President, tatlo po 'yung aming recommendation na pareho po sa nirekomenda po ni Secretary Dominguez.

Iyong una po ay tutukan po natin 'yung relief natin in a targeted manner to the vulnerable sectors tulad ng pagbigay ng service contracting sa public utility vehicles at 'yung subsidy na P6,500 per month for two months at gagamitin po natin gaya po ng sinabi ni Secretary Dominguez 'yung dagdag na tax mula sa VAT.

Pangalawa po, 'yung unconditional cash transfer. Nagawa na po natin under TRAIN Law so may experience na po tayo. May listahan na po tayo at sila ay tutulungan muli natin dahil — para hindi po sila mahirapan.

At iyong pangatlo, Mr. President, 'yung mungkahi po namin ay siguro subukan natin 'yung conservation of energy at isang halimbawa dito ay 'yung four-day workweek. Magtatrabaho pa rin po ang bawat Pilipino na 40 hours per day. Pero imbes na sa limang araw ay apat na araw. Pero imbes na walong oras kada araw, magiging sampung oras kada araw.

Ginawa po natin ito noong 1990 sa Gulf War at iyong 2008 'yung nagtaas po 'yung presyo ng langis. At ang epekto po nito ay makakatipid din. Imbes na araw-araw nagco-commute ay magiging apat na araw. At ito ay makakatulong din sa pag-manage ng ekonomiya natin.

So iyan lang po, Mr. President, 'yung ulat po ng NEDA, at babantayan po namin 'yung inflation para makita po natin 'yung siguro 'yung mga programa na totoong nakakatulong sa lahat ng Pilipino. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Chua. Now, we go to — ito interesting talaga ito, Secretary Cusi who will talk about the current oil supply and price situation. Secretary Cusi, Al.

DOE SECRETARY ALFONSO CUSI: Salamat po, Mayor, Mr. President; at magandang gabi rin po sa lahat ng heads of agencies na nandito ngayon. Ipakita po natin ang sitwasyon dito sa prices of oil.

Una po, sinigurado natin ang supply ano po. Kaya nakipag-usap po tayo sa lahat ng mga industry players ng assurance ng supply at tayo po naman sa ngayon ay mayroon pong sufficient supply.

Ngayon, ang taas — tumataas po ang presyo dahil alam naman po natin sa nangyari sa kakulangan ng supply sa Middle East, ng oil producing countries, at dahil na rin po sa giyera sa — between Ukraine and Russia.

Bababa lang po ang presyo ng langis kung magkakaroon ng increase ng supply sa pamamagitan ng pag-alis ng sanction sa Venezuela, Iran and Syria na nakakapagbigay po ito ng mahigit na 1 milyong barrel a day kung maaalis po 'yung sanction.

Then kung bababa po 'yung decrease ng demand at kung magkakaroon po ng ceasefire sa Russia. Sa ngayon po, sa nakaraang dalawang araw, kahapon po at ngayon, nagkaroon po ng development na bumababa po ang presyo ng krudo sa world market.

Pagdating naman po sa kuryente, dahil sa pagtaas ng presyo ng coal, tumataas po ang presyo ng ating kuryente ngayon at ito'y mararamdaman ng ating mga mamamayan, ng ating mga consumers, by May.

Again... At dito naman po sa supply ng coal sa ating bansa, supisiyente po, 30 days na imbentaryo po ang mina-maintain natin. At ang GenCos naman po nakikiusap na kung pupuwede po luwagan natin 'yung requirement ng 30 days inventory dahil nagdodoble po ang presyo ng coal at nangangailangan sila ng malaking kapital.

Ito po ang slide na nagpapakita kung ano po ang imbentaryo natin ngayon ng ating produktong petrolyo sa bansa. Umaabot po ng 41 days ang diesel; fuel oil, 38.6, ito po 'yung ating mga nire-refine; ang gasoline po, 52.6 days; ang kerosene, 89.5 days; at ang — sa dito pa naman po sa mga eroplano, 55.1 days; at para sa LPG, mga para sa pambahay, 23.9 days.

Lahat po ng imbentaryong ito ay higit sa minimum inventory requirement na ipinatutupad natin ngayon. At ito nga po binabantayan natin dahil baka nga po magkaroon ng sup --- ng interruption sa mga delivery.

Now, ipakita po naman natin ang price movement, 'yung paggalaw po ng presyo mula noong — mula po noong March 2021 at hanggang ngayon po sa March 2022. Makikita po natin sa unang column, P48 po ang gasolina; diesel, 37; and kerosene, 43.88; ang LPG, [76].67. Sa ngayon po, 'yun pong column ng presyo ng March 2022, makikita po natin na tumaas na po 'yan ng P79.98; ang diesel po from 37 to 77, more than doble po 'no; ang kerosene din — ang kerosene po from 43 to 76; and LPG, 76 to 96.

Mula naman po noong January 2022, makikita natin po 'yung column ng increase na tumaas po ng P31.85 ang gasolina; ang diesel po tumaas ng 40.35; ang kerosene, 32.93; at ang LPG po ay 20 pesos. Ito po nakaraang — ngayon pong linggong ito, itong ipinatupad nating increase nitong Martes, ito po ang 11th increase ng presyo ng petrolyo sa taong ito.

Now, ito naman po, ang sa susunod na slide po ay ang estimate ng increase beyond next week kung magtutuloy-tuloy po ang increase ng — ng petrolyo, ng oil, sa world market. 'Pag pumalo po 'yan — tayo po, last week, pumalo na po tayo ng 120 kaya 'yun pong ating krudo umabot na po ng 77 ano po.

Ngayon po, pagka pumalo po siya ng 125, ang gasolina po puwedeng maging 81; at ang diesel, 75; at ang kerosene po 75. Kung papalo naman po siya ng 130, tataas po siya ng 83 pesos ang gasolina; ang diesel po 79.26; at ang kerosene po, 78.67. Makikita po natin pinproject (project) po natin diyan kung hanggang 150 po ang pagtaas ng world market price.

Ang magandang balita po naman ngayon, itong nakaraang dalawang trading po ng oil sa — based sa Dubai, ang presyo po ng oil, compared to last week, ang last week average po umabot po ng 122.61. Sa ngayon po, sa dalawang araw na nakaraan, 104.79.

Kung magtutuloy-tuloy po ito, kung magtutuloy-tuloy po itong sa ganitong trend at umabot po ng \$104, \$105, \$100 per barrel, makaka-experience po tayo ng pagbaba ng presyo next week. Sa gasolina, puwede po tayong bumaba ng mga P5 mahigit at sa diesel po, puwede naman pong magbaba ng P12 pataas.

Sa ngayon, ito po naman ang ginagawa, bukod na po doon sa mga nai-report na po sa Pantawid Pasada. At 'yung — ito po naman ang ginagawa ng departamento para po makatulong sa ating mga mamamayan. Hinihikayat po natin ang industry players na magbigay ng mga diskuwento programs, at ito na nga po, mayroong P1.00-P4.00 promotion discounts.

Tapos ito po 'yung — the DOE monitoring sufficient supply, tapos po nagpapatupad ng wala pong short selling, wala pong adulteration, at talaga pong — at saka ngayon ipinatutupad po natin na talaga pong walang hoarding, 'yung nagbebenta ilalagay po sa drum, that will cost panic, panic buying po ano.

So aside from the Pantawid Pasada nasabi na po 'yun, fuel discount, and the DOE monitoring — monitoring the selling or the retailing. Ang mga — ang mga other na hakbang na ginagawa po natin is that kailangan po nating i-unbundle ang presyo ng ating petrolyo.

Ito po ay hinihingi natin, mahigit na po nating tatlong taong ipinaglalaban ito at ito pa nga po ay ipinalalagay natin sa batas. Kailangan po nating i-revisit ang pricing formula. Dahil sa pagtaas po ng petrolyo kailangan nating bisitahin ito for transparency at makita po natin lahat, including the industry take.

Gusto po rin po natin ipasabatas ang inclusion ng minimum inventory requirements para po sa ganoon hindi po tayo mabubulaga na kasa — na kulang ang ating imbentaryo.

At humihingi rin po kami ng intervention power ano po para sa ganoon mapapag-aralan po namin flexibility para po sa blending ng fuel kasi po mayroon tayong Biofuel Law na mini-mix po natin ang ethanol or the alcohol to gasoline, and the coco oil to fuel.

Ngayon po, nakakapagpataas din po ng presyo 'yung pagmi-mix na 'yan. Dahil mas mahal po 'yung coco oil ng kasya sa krudo, at ganoon din po ang ethanol. Ang ethanol naman po, nag-import po tayo ng marami, kaya lang mas mataas ang presyo ng domestic kaysa sa importation, binabalanse po natin ito.

So kailangan po tingnan natin ito sa mala — sa perspective po ng overall. Hindi lang po 'yung sa maliit na bagay. Dahil po pagka nag-blending tayo ng mababa, maaapektuhan naman 'yung mga farmers, at 'yun po sa mga — sa sugar cane at sa mga coconut farmers.

Ito pong clamor ng publiko to suspend the excise tax, pagkatapos ho namin makipag-usap kay Secretary Dominguez, kay Secretary Karl Chua, kay Secretary Mon Lopez, nakuwan po namin

ito na talagang mas malaki po ang magiging pinsala sa ating budget kung gagawin po natin na ang excise tax and we support 'yun pong — 'yun pong panukala na magbigay na lang po ng additional ayuda.

Then, ito po isinusulong natin tuloy-tuloy po 'yung paglalagay ng atin pong strategic petroleum reserve na ginagamit po naman natin dito ay ang PNOC. So minamadali po namin ito. At ang pera naman po ay nag — Secretary Sonny Dominguez guaranteed us that there will be — na may pera po ito sa pamamagitan po ng pag-utang.

And tuloy-tuloy po 'yung kampanya natin dahil sa ganito po naman talaga ang kailangan natin is energy efficiency at conservation. So 'yung programang ito po tuloy-tuloy nating itinutulak, pinapaalalahanan ang ating publiko nang maayos na paggamit ng petrolyo.

Dito naman po sa aming computation ng excise tax na pinakita po ni Secretary Sonny, ang atin pong sa pama — sa litro po 'no, total demand in liters, 'yan po — [*Yung next slide, please.*] ito po, ano po, 20.7 billion liters total consumption January po to December 2021 last year po 'yun.

'Pag ilalagay po natin sa individual product, average daily consumption po is 56.73 at 'yun na nga po pinakita po 'yung computation ng excise tax. Dahil — ipinakikita ko lang po ito dahil pinag-aralan po namin na kung sakaling magkakaroon po ng partial suspension ng excise tax, meaning doon po sa targeted na beneficiary 'no. Ang tinitingnan po natin dito 'yung LPG nga po dahil tumaas na nang tumaas ang presyo, masyadong apektado 'yung households. So sabi namin baka pupuwedeng i-suspend ang excise tax sa LPG, i-suspend ang excise tax sa diesel at sa gasolina na low — no low octane rating but only to those na binebenta directly to sa mga sasakyan.

At tama nga po 'yung sinabi ni Sec. Sonny na 50 percent lang ang — 50 percent ng excise tax na nakaka — matitipid po, ang makikinabang ay 'yung mga nasa taas ng ating strata. So pero kung gaganito po ang gagawin, 50 percent naman po rin ito ng ating consumers ang makikinabang.

But — pero sa pag-iisip po between suspending it this way tapos bigyan po ng ayuda, mas sasama na lang po ako doon sa panukala ni Sec. Sonny na ibigay na lang po 'yung ayuda sa publiko dahil makakalaki po ng tulong.

So next week po, sa next week po inaasahan nating bumaba po ang presyo ng petrolyo kung tuloy-tuloy ang pagbaba po ng presyo sa merkado. Bakit po bumaba ang presyo sa merkado? Dalawang bagay po ang nakapagpababa: ang isa po is the lockdown in China because of COVID and ang projection po ng lower demand for oil by China; and ito pong dalawang araw na tuloy-tuloy na pag-uusap between Russia and Ukraine, medyo na-temper din po 'yung demand for oil.

We also support, Mr. Pres --- Mayor, 'yung panukala na four-day week work at saka 'yung panukala din pong palawigin muna natin ang work-from-home para sa ganoon po mabawasan ang pagbiyahe ng ating mga mamamayan. Maraming salamat, Mayor. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Cusi. Dito na tayo sa ating...

DTI SECRETARY RAMON LOPEZ: Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Yes?

SEC. LOPEZ: Puwedeng mag-comment, Mr. President?

PRESIDENT DUTERTE: Yes.

SEC. LOPEZ: Okay. Doon sa mga pinresent (present) po, I think gusto ko lang ho sabihin na we need to preserve nga 'yung revenues as presented kanina ni Sec. Sonny. And mas maganda 'yung approach na mayroon tayong pinagkukunan at ita-target natin doon sa gusto nating — ibibigay natin doon sa targeted sector kasi by that, kontrolado po natin at may limitation kung sino 'yung pagbibigyan tulad ng — so targeted sector. Sa ganoon magiging sustainable 'yung ating approach. Ibig sabihin, tuloy-tuloy ito, hindi tayo mauubusan.

At ito po ay — it's the best scenario lalo na coming from the pandemic kasi during the pandemic alam natin marami talaga tayong ginugol, 'yung pinaggastusan. At napakaimportante that we have a continuous source of revenue para may paggagamitan tayo, may pagkukunan tayo doon sa gagamitin natin. Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. May we now call on — 'yun na, iyon na pala. Diretso na, you make the report.

SEC. LOPEZ: Iyon pong sa report po namin sa DTI, actually we are part of the task group on food security. So importante as we try to really address 'yung presyo — presyuhang nung mga bilihin and maiwasan ang inflation, kailangan talaga ma-ensure 'yung supply of food and fuel.

It's been discussed already. So pag-ensure ng 'yung supply ng mga pagkain, number one kailangan masuportahan natin 'yung local agriculture production. So ito ho ni-report na ng ating DA secretary maraming support na puwedeng ibigay diyan sa mga farmers: provision of funds; mechanized operation; certified seeds; provide ng training, financing; 'yung Plant, Plant, Plant; fertilizer voucher; at access to farm inputs.

Number two, 'yung kakulangan, 'yung shortage between local production and demand, we can import. And with this, we need to adjust the tariff rates nung mga produkto na kailangan nating suplayan — iyong kailangan may supply tayo to lower the cost and increase the supply.

So 'yan pinag-usapan ho natin diyan 'yung rice, 'yung corn, 'yung pork, even 'yung coal. 'Yung coal sinasabi po natin para maging mura ang source ng ating energy na coal-based, ibaba 'yung taripa from 7 percent to 0 percent.

And then, i-encourage din natin 'yung use ng electric vehicles, hybrid cars, ibaba 'yung taripa from 30 percent to 0 percent to accelerate adoption. Very important din po to accelerate economic recovery through increased investment. Kailangan dumami 'yung investment para maraming trabaho para 'yung kahirapan nung ating mga kababayan maibsan.

We are, of course, pushing for the passage of the Public Service Act, napirmahan na po ng ating Pangulo ang Retail Trade Liberalization Act, ang Foreign Investment Act. Lahat po ito makakahikayat sa pagpasok ng foreign investors. We reiterate 'yung presidential endorsement para ma-ratify 'yung RCEP. Nabanggit po ninyo ito last meeting. We are entering also into other Investment Promotion and Protection Agreement, 'yung signing ng Philippines at UAE, 'yung FTA natin with South Korea, at 'yung pag-issue ng executive order on the Strategic Investment Priorities Plan so that doon po kasi naka-specify ano-anong mga investment projects ang magiging eligible for investments.

Next, to consider again continuous supply at lower affordable price, increase access to lower priced basic goods to consumers, importante ho mabawasan 'yung middlemen. Kung maaari, i-link ang mga supermarkets to the suppliers and producers. So we have programs that will link suppliers and producers directly selling to the retailers and supermarkets. Pinasok ho natin 'yan, ginawa natin 'yung Presyong Risonable Dapat, PRD Program, kung saan, example, mga Robinsons, Puregold, Metro Supermarkets, SM, with so many branches, if we allow them direct access from suppliers and producers, naibebenta nang mas mababa.

For example, Mr. President, nung nagkaproblema tayo noong 2018 'yung presyo nung bigas pumalo sa P50 per kilo, nung ginawa natin 'yung program na 'to naging available sa mga supermarket P34 per kilo kasi diretso na eh. Ni-link natin 'yung producer, supplier, sa supermarket. And 'yung maganda po dito 'yung mga consumers may option sila kung saan bibili. Alam nila na ah 'pag dito ako bumili, available 'yung 34 --- P34 per kilo at maaaring mahal sa palengke pero dito may source ako. So 'yun ang number one na kailangan, available, accessibility nung lower price.

Pagkatapos pagdating nung last year, nag-umpisa ho 'yung pagtaas ng presyo nung mga pork. Pumalo 'yung mga pork kasim, pige, sa 340 pataas. Dito sa ating programa, nabenta sa supermarket 220, kung ano 'yung presyo nung bago nagtaasan. So available P220 per kilo kaysa sa 340 pataas.

Iyong liempo 250 dati, tumaas up to 400. Pero nung ginawa itong programa na ito, naging available 'yung liempo ulit 250. So ganoon ho 'yung example na nagagawa natin 'pag pinutol or kinut (cut) 'yung middlemen. So may mga examples ho tayo diyan. So hanggang ngayon continuing po 'yan.

[Next po.]

Cut the middleman, suppliers, producers directly selling to consumers. So ito naman dinadala 'yung mga paninda to the barangays through the LGUs. Ang tawag na programa dito Diskwento Caravan o kaya mga Bagsakan Centers. So marami na ho tayong ginagawa nito. In just for this year alone, naka 457 barangays na ang nasilbihan nito, around 11,000 household.

Iyong mga produkto dito again diretso 'yung manufacturer nakakabenta — para itong Kadiwa store, Mr. President. Ang discount 2 percent to 50 percent discount offer, 189 so far 'yung mga naging participants na manufacturers at mga producers. So tuloy-tuloy lang po ito, Mr. President. So 'yan ho ginagawa natin at may mga larawan tayo diyan.

And lastly, again tulong para maibsan, ma-mitigate 'yung impact ng rising prices, kailangan my livelihood, may kabuhayan, so tuloy ho tayo sa pagbigay ng livelihood. Noong 2021, nakapagbigay tayo ng mga 57,000 combined 'yung negosyo sa barangay at saka pangkabuhayan sa pagbangon at ginhawa. Ito ho 'yung mga puhunan 8,000 worth lang. Maliit lang pero at least may paninda sila sa palengke, may paninda sila pangkabuhayan nila. So tuloy-tuloy ho 'yan.

And this year, nakakuha tayo ng malaki-laking budget for this. At least we can target now about 20,000 for March, for April, for May para mas marami pa tayong mabigyan na pangkabuhayan na support dito. At kadugtong nito 'yung Small Business Corporation under 'yung program natin during the pandemic, itutuloy lang ho natin ito.

Nabigyan ho ng P8 billion fund ang SB Corporation under Bayanihan 2. Ang napautang na po nito P7 billion lent out to MSMEs. So nagagamit 'yung pondo at ang napahiram na nito sa 41,300 ang napahiram na nito. Naubos na 'yung pondo na 'to on the regular MSME part, ang natirang portion 'yung para sa tourism. So since 'yang tourism ngayon pa lang ho sila nagbubukas, inaasahan natin mas maraming maga-apply simula ngayon.

And the last page is we'll continue the monitoring of price compliance to our suggested retail price at i-intensify 'yung campaign against profiteers and hoarders, mag-inspection pa tayo ng mas maraming mga traders and warehouses. Kailangan ng intelligence support dito kaya kasama natin dito ang NBI, ang CIDG, ang NICA, at of course 'yung mga ahensiya tulad ng --- kasama ang DOH, DA, DTI, DILG. Iyon lang po, Mr. President, thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Ang sunod si Asec. Dominique Rubia-Tutay.

DOLE ASSISTANT SECRETARY DOMINIQUE RUBIA-TUTAY: Magandang gabi po, Mr. President. Nag-text po si Sec. Bebot kanina, sending his regards to you po at saka kay Senator Bong Go. Sa lahat po ng miyembro ng Gabinete at sa mga kasama --- okay na po?

PRESIDENT DUTERTE: Ready ka sa report mo, ma'am?

ASEC. RUBIA-TUTAY: Yes. Yes, Mr. President. Magandang gabi po ulit, Mr. President, at sa lahat po ng miyembro ng Gabinete at fellow civil servants. Ang presentation po ng DOLE, Mr. President, sa gabing ito ay patungkol po ito sa memorandum po ng ating Kalihim Bebot Bello kung ano po ang mga proposals ng DOLE para po matulungan po natin 'yung labor sector to cope with the rising cost of fuel.

[Next slide, please.]

Following are the action points or decision points requested from the President. Unang-una po, nabanggit na po kanina 'yung tungkol sa subsidiya. Base po sa presentation ni Secretary Dominguez at saka ni Secretary Karl Chua, ganoon din po 'yung proposal namin, Mr. President, at ito po ay para po subsidiya para po sa mga manggagawa na mga minimum wage earners po in the amount of 24 billion to benefit about 1 million workers sa loob po ng tatlong buwan mula po Abril hanggang Hunyo.

At ang pangalawa po, Mr. President, ay 'yung immediate appointment and reappointment po ng mga nominees po ng employers and labor sector representatives po sa National Wages and Productivity Commission at mga Regional Tripartite Wages and Productivity Boards para po sa pagsusulong at paghe-hear po ng mga petitions na inihahain po sa iba't ibang regional wage boards po natin.

[Next.]

Mr. President, ang DOLE po we recognize the labor sector's clamor for a minimum wage increase due to unabated fuel price increases primarily triggered by the Russia-Ukraine turmoil. But we are also one with the economic managers in their continued economic recovery efforts focused on enabling domestic enterprises to bounce back and bring local jobs back to our workers so that they would have sustained income for their families' daily basic needs.

With the current wages, Mr. President, now extremely inadequate particularly po for the minimum wage earners and the government's economic recovery in full swing, subsidies po

may still be extended to vulnerable workers particularly those most severely affected by fuel prices and its domino effect on prices in food and basic goods and services kagaya na nga po nung sa transport sector.

[Next po.]

It can be recalled, Mr. President, that the DOLE submitted in February 2021 proposal for wage subsidy to workers in the private sector affected by the COVID-19 pandemic and the said proposal is hinged on saving and preserving existing employment. The proposal has been supported po and endorsed by the economic managers, of course, subject to the availability of funds.

And at this time po, and given the indirect impact of the global tension to the Philippine economy, nakikita po namin, Mr. President, na ang subsidiya po, wage subsidy po ay importante pa rin po sa ating manggagawang Pilipino. And so, Mr. President, we are humbly requesting po the approval of the proposal of the Department of Labor and Employment.

The newly reopened enterprises, particularly the micro, small, and medium enterprises will be provided with the necessary breathing space for recovery and growth. Within the three-month period po, nabibigyan po natin ng subsidiya ang ating mga manggagawa.

The proposed wage subsidy is also in keeping with the objectives of Executive Order No. 140 na inyo pong nilagdaan, Mr. President, adopting the National Employment Recovery Strategy (NERS) 2021-2022 and reinforcing job generating programs through the NERS Task Force.

[Next.]

Mr. President, sa loob po ng tatlong buwan na nagbibigay po tayo ng subsidiya, 'yun naman pong ating mga Regional Tripartite Wage and Productivity Boards naman po ay magagamit nila po 'yung panahon na 'yan para ma-assess po 'yung mga wage petitions po ng ating mga manggagawa na inihain po sa mga wage boards po natin at the regional level.

Sa ngayon po, Mr. President, mayroon po tayong anim na rehiyon na nag-submit po ng mga kanilang petition for wage increase. Walong petitions po ito at mayroon pong dalawang manifesto na nagre-request po ng 750 daily minimum wage. Pero kahapon po naghain po ang TUCP ng mahigit 400 plus na increase dito po sa NCR and across the board pa po.

Public hearings, Mr. President, will commence 15 days after publication of Notice of Public Hearing in newspapers of general circulation and issuance of new Wage Order may likely be in May or June based on the rules of procedure for minimum wage fixing.

Any adjustment po in the minimum wage at this time shall focus on the recovery of erosion or lost purchasing power of workers, and closing of minimum wage and poverty threshold gaps.

Simultaneously din po, Mr. President, gusto din po nating dinggin 'yun pong mga pasahod naman po sa ating mga domestic workers dito po sa ating bansa pero ifo-follow pa rin po nila 'yung proseso in the minimum wage fixing.

And so, Mr. President, in the final slide po, we reiterate po 'yung mga action points po for your consideration at unang-una na po diyan, of course, 'yung subsidiya na hinihiling po natin.

At pangalawa po, 'yung appointment po sana nung mga ating nominado na nai-submit na rin po ito sa inyong tanggapan through our OES po, kay Secretary Medialdea. And ito po ay kailangang ma-fill up-an po para umusad din po 'yung pagdinig ng ating Regional Tripartite Wage Boards.

Maraming salamat po, Mr. President.

Mr. President, ako po si Assistant Secretary Dominique Rubia-Tutay, Nikki na lang po for short.

PRESIDENT DUTERTE: Akala ko 'yung [garbled] doon, sorry. Pleased to meet you. Thank you.

ASEC. RUBIA-TUTAY: Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Sinadya kita Art eh, kasi para 'yung — nauna 'yung ano dapat itong — 'yung this topic, ikaw ang gin — ang ginawa kong panghuli para ma-cover mo ito, lahat dito sa itaas eh.

DOTR SECRETARY ARTHUR TUGADE: Magandang gabi ho, Mr. Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Especially sa rising cost of fuel, 'yan sa transportation eh.

SEC. TUGADE: Maraming salamat ho, Mayor. Magandang gabi ho. Base ho sa mga isinumite sa akin ng LTFRB at base ho sa sinabi ng ating kalihim na si Secretary Sonny kanina, i-confirm ko lang ho na mayroon tayong Fuel Subsidy Program under GAA 2022. I-confirm ko lang ho na 'yung budget na 'to ay 2.5 billion.

Kanina po, nabanggit ng ating Kalihim, Secretary Sonny, na 'yung pera po na 2.5 billion ay naibigay na ho sa LTFRB kanina, confirmed ko ho 'yan. Iyong 2.5 billion din doon sa Fuel Subsidy Program ay masasabing funded na sa first tranche ngayong araw na 'to.

Itong 2.5 billion GAA budget, ito ho ay maa-allocate sa LTFRB modes of transportation na iesplika ko mamaya na mayroon 1.75 billion. Doon sa mga tricycle na kung saan dadaan ito sa DILG na mayroong 625 million, at 'yung DTI delivery services na kung saan mayroon din na-allocate na 125 million.

Ngayon ho, noong naibigay na 'yung pera para sa 2.5 billion budget dito sa tinatawag na fuel subsidy, nasabi ho ng LTFRB na 'yung pag-distribute nitong perang ito na 2.5 billion dito ho sa mga public utility jeepney at public utility buses, ito ho ay madi-distribute na sa March 14 hanggang 18 of this year. Iyong mga makikinabang ho sa UV Express, taxi, shuttle, tourist bus, at TNVS, matatanggap po 'yung kanilang subsidiya between March 14 up to 25.

Marahil ang tatanungin ho, bakit magkaiba 'yung bigayan? Simple lang ho 'yan, pagkat 'yung mga driver operator ho sa jeepney at sa bus, mayroon na ho silang Land Bank card na ito ho 'yung ginawang sistema kung saan ibinigay 'yung ayuda sa kanila doon sa Bayanihan 1 and Bayanihan 2.

Iyong mga operator at driver sa UV Express, taxi, shuttle, tourist, at TNVS, wala pa ho silang card. Kaya nga ito, aasikasuhin pa at pa-finalize-in ng Land Bank na kung saan ine-expect na

'yung paggawa ng card pati na 'yung pag-distribute nung tinatawag na ayuda ay magagawa between March 14 and March 25 of this month.

Ano ho 'yung mga napapaloob dito na mga tatanggap ng ayuda? Ito ho 'yung kagaya ng sinabi ko kanina, 'yung LTFRB mode of transport, 'yung jeepney, 'yung bus, 'yung UV Express, 'yung taxi, 'yung shuttle, 'yung TNVS, at saka mga tourist buses.

Kasama din ho diyan 'yung tricycle, pero 'yung pag-distribute po nito ay gagawin ho namin in coordination with DILG, pagkat 'yung tricycle ho ay hindi ho saklaw ng jurisdiction ng LTFRB, ito ho ay local government. Mayroon din hong makakatanggap ng subsidiya na sa DTI Delivery Services. Ito ho ay madi-distribute through the cooperation and coordination with DTI.

Ngayon ho, ano 'yung effect nung fuel subsidy na 6,500? Makikita niyo flashed on the screen, kung ia-assume ho natin na 'yung presyo per liter ng diesel is 60.62 per liter, 'yung ayuda na ibibigay natin na 6,500 will serve as a cushion, to cushion the requirements nung mga driver at operator for 29 days. Ito ho kung ang presyo ay 60.62.

So makikita na patas-patas lang. Of course, aaminin ko ho na 'yung ayudang ibinibigay natin ngayon ay hindi eksaktamento todo-todo, kailang — kulang pa rin ho 'yan, kailangang repasuhin at i-adjust. Kaya nga mayroon tayong second tranche sa April. Ganoon din ho 'yung sistema nung distribution sa second tranche.

Sabihin ko lang ho na sinusuportahan ko 'yung statement kanina ni Secretary Karl na kung saan may impact ho 'yung pagtaas ng presyo ng pamasahé. Kaya nga ang position ng Department of Transportation ngayon, 'yung Kagawaran ng Transportasyon, ay hindi ho magtaas ng fare hike kasi 'yung impact nung fare hike ay ipinakita ni Secretary Karl kanina, tatamaan ho 'yung tinatawag natin na inflation rate.

Kaya ang position namin, huwag kayong magtaas ng fare, mga pamasahé. Tanggapin 'yung ayuda, gamitin 'yung subsidiya. Kaya nga ho mayroon tayong fuel subsidy. In addition to the fuel subsidy, nabanggit kanina ni Secretary Karl 'yung service contracting. Ito ho 'yung kabahagi ng fuel subsidy, mayroon kang service contracting.

Ano po 'yung service contracting? Ito ho 'yung isang pamamaraan na in-adopt noong mga nakaraang taon ng Department of Transportation na kung saan 'yung mga bus, accredited bus, accredited jeepney ay magkokontrata sa DOTr at saka LTFRB na kung saan babayaran 'yung bus operator, babayaran 'yung jeepney operator on a per kilometer run. Mayroon hong formula 'yan na babayaran sila on a per kilometer run.

Ang ibig sabihin, ang mga bus at jeepney na ito ay titigil at magsasakay ng pasahero sa designated predetermined place, magu-unload din sila ng mga pasahero at designated predetermined place. Ang mahalaga ang pickup at loading will be on a predetermined time.

In other words, 'yung pagbiyahe mo, using the Service Contracting Program ay magiging mas less hassle pagka't you can determine the time. Ang mahalaga rin ho diyan, Mayor, 'yung mga sumasakay dito sa service contracting, hindi na nagbabayad ng pamasahé, libre na ho 'yun. Iyong bayad sa mga may-ari ng jeepney at bus, nanggagaling sa LTFRB, sa DOTr, sa tulong ng tinatawag natin na Service Contracting Program na na-approve naman sa Budget for 2022, ang budget ho na ito ay 7 billion.

Mr. President, members of the Cabinet, allow me to tell you that in the Service Contracting Program of the Department of Transportation and LTFRB last year, alam niyo ho ba kung ilan 'yung ridership na nakinabang doon per datos and data? 75 million ridership.

Ibig sabihin, ito ho puwedeng sabihin, pero paulit-ulit 'yan na ridership. Let us assume that even ang hindi umulit diyan only 20 percent, ilan ho ang nakinabang diyan? 15 million. Ganoon ho ang impact nitong service contracting. Makikinabang hindi lang ho 'yung operator, hindi lang ho 'yung driver, but the riding public. And more importantly, we will have to rationalize the transport system in the country na ngayon lang ho ginagawa 'yan, Mr. President, sa termino ng ating Pangulo.

Ito ho 'yung programang ayuda at subsidiya na napapaloob sa tinatawag na fuel subsidy at service contracting. Nabanggit din ho ni Secretary Karl kanina 'yung active transport. Sabihin ko na rin ho ngayon, kaakibat at kasabay nitong binibigay natin na service contracting at fuel subsidy, 'yung Kagawaran ng Transportasyon ay nakatapos na ho ng 500 kilometers bike lane, not only in Metro Manila, but including Cebu and Davao at budgeted din ho 'yan, binigay ng Kongreso.

Ipagpapatuloy ho natin 'yung active transport ng sa ganoon 'yung paglalakbay, 'yung mobility ng ating mamamayan ay hindi lang ho on the basis of a fare payment but also on the basis of active transport. Iyon lang ho ang ire-report ko ngayon, Mr. Mayor, sir, maraming salamat ho.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Art. Very good report. Now, we go now to the — ito importante rin ito, updates ng — there's a clamor, strong clamor from Congress to suspend itong e-sabong. Suspension lang, temporarily or maybe permanent, whichever. I would like to hear the report of Secretary Guevarra, the Department of...

DOJ SECRETARY MENARDO GUEVARRA: Mr. President, the matter of suspending the operation of e-sabong is really a policy decision that we have to make collectively. I suppose that the revenues being collected by the government will be the subject of a separate presentation by the Chairman of the PAGCOR who is with us this evening as well.

But what I would like to explain, Mr. President, is the legal basis for authorizing PAGCOR to regulate e-sabong, which until recently has not been regulated, although it has been in existence for quite some time already. Totally unregulated and the flow of money in these operations has run into billions of pesos, Mr. President.

So we were requested to render an opinion by the PAGCOR, Mr. President, on whether the PAGCOR has the authority to regulate e-sabong. And prior to that I understand that the Office of the Solicitor General has also been requested by the PAGCOR to render an opinion on whether the PAGCOR would have the authority to regulate e-sabong, rather than these operations being totally unregulated.

My understanding, Mr. President, is that the OSG rendered an opinion to the effect that since e-sabong could not be regulated by the local government units because the local government units, Mr. President, would have power and authority over their territorial jurisdiction only.

So — but e-sabong is conducted online and there is no territorial limit to speak of. So for that reason, local government units would not have sufficient authority to regulate this type of operations. On the other hand, what the local government units, Mr. President, can regulate is the actual cockfight being conducted within their territorial limits. But the betting online, which is

— which does not recognize any territorial jurisdiction — is not something, is not something that can be controlled or regulated by the local government units.

So it is the conclusion of the Office of the Solicitor General that the PAGCOR may have that kind of authority in the absence of such authority on the part of the LGUs.

So subsequently, the opinion of the Department of Justice was also requested by the PAGCOR and we studied the PAGCOR charter. And we came up with the conclusion that although there is no specific provision in the charter of the PAGCOR that authorizes it to regulate e-sabong because at the time that the charter was enacted, there was no such thing as online sabong yet, Mr. President.

Nonetheless, we relied on the general wording of certain provisions in the PAGCOR charter as amended which will authorize it to regulate and license operators of online sabong, more particularly those who operate the off-site betting stations, as well as the service providers, Mr. President, who developed the platform or the program to carry out online sabong.

So there are two types of — there are two groups which are being actually regulated or licensed by the PAGCOR: one, is the operator of the off-site betting station; and the other one is the service provider.

So although there is no specific provision there, Mr. President, but following our rules on statutory construction, more particularly the rule on ejusdem generis, Mr. President, we came up with the conclusion that this type of sports gaming which includes betting off-site is something that falls within the general jurisdiction of the PAGCOR.

Of course, Mr. President, there is some — there are some observations from our — from our legislature, more particularly from the Senate, which questions the correctness of the interpretation rendered by the OSG and the DOJ on the matter of PAGCOR's authority.

So we stated that we have sufficient basis right now but if Congress believes that a more specific, a clearer, and more — and unequivocal authorization is needed for the operation of e-sabong, then Congress is free to enact the appropriate law for the grant of franchises to e-sabong operations.

So, Mr. President, again on the matter of whether operations of e-sabong will be — should be suspended in the light of some observations about people getting too much involved or getting addicted to it and more recently some people getting killed apparently because of e-sabong, again, Mr. President, we have to weigh all of these vis-à-vis the economic impact and income or revenue being generated as well for the government and which is being used by the government to address our problems with the pandemic. So that's basically the legal framework, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Ganito 'yan eh, all of the — I hate gambling. Noon, wala pa tayong masyadong problema sa pera, hindi talaga ako pumayag. But then came the time when events happen and again, konektado ito sa oil because the pandemic and everything, kailangan ko ng — look for sources na magkuha-kuha. Ito 'yung — this is the particular game that I was more interested because of its contribution to the revenue of the country.

Ang nagkakaproblema ito, the problem came about because of the incidents, aplenty, regarding persons who were — ito, magprangka-prangka na lang tayo, nandiyan ‘yung taong-bayan nakikinig, eh maganda sana ito. But ang una kong ano, not so much about the — we will talk about the missing persons, which is attributed to the — a game fixing by some people, ito nga ang napagbintangan nila.

But itong social cost ng ano, the social aspect of the gambling. I have heard stories whether true or not, we will have to validate it. I hope that, well, sa PAGCOR, kayo na lang ang ano ko whether you can commission somebody to do the surveys, iyong tama lang sa sugal sa mga tao. Some say that a lot of people are involved, participating or vet — no not vet, but betting the — into the sabong games at lahat na, mga asawa, mga anak raw sumasali na. And I would like also to ask chairman sa PAGCOR, presidente, kasi marami ng sabi nila, I don’t know if it’s true, nag — nagbebenta na raw, nagmo-mortgage na para lang makalaro at kung ano-ano, nagka-utang-utang.

This is no different from jueteng, actually. Ganoon rin ‘yan, it’s underground pero ito choose to do it legal. Ang ano ko lang kung totoo ‘yung mga tao, mga bata, mga asawa are there betting on the cockfights. Gaano ito karami, gaano ka-serious, we will have to study.

But ito ang sabihin ko sa mga senador, ang interest lang talaga ng gobyerno nito is ‘yung pera. That is — that is all there is to it actually. And you know, walang ano, ang yayaman nito — hindi yayaman, nakikinabang ang gobyerno. Pero ang yayaman nito ‘yung mga operators. That is why there is a need for a regulator on this particular game of ‘yung pusta ng — itong laro na ito.

We need a regulator somewhere, a representative of PAGCOR. But ang ano ko naman baka... Ayaw kong — basta sabihin ko lang, baka itong mga regulator, magco-corrupt na naman, ganoon din ang labas. So PAGCOR has to...

I do not agree with PAGCOR that the games should run 24 hours. It’s only done in America, doon sa mga casinos in the hotel. Pero dito talo pa, it’s not the hotel but the entire nation is free to go gambling. So titingnan ko muna kung ano ang paraan nito. But ‘yung sugal na 24 oras, hindi — I seem to disagree with that proposition.

Although it’s being played now 24 hours. But somebody has to go in and put sense in the — 24 oras na tapos hindi natin alam talaga kung totoo ba itong — whether it is true that people are into it, a number of — irrespective of the age and everything. I’d like to hear si ma’am sa PAGCOR, ma’am, ikaw ho.

PAGCOR CHAIRPERSON AND CEO ANDREA DOMINGO: Magandang gabi po sa inyo, sir; magandang gabi po sa inyong lahat. Siguro po para mailagay sa tamang perspective, start ko lang po, umpisahan ko lang po sa mga isang minutong brief history ng sa e-sabong.

Nagsimula po ang e-sabong bale noong 2010 pa, noong ‘yung isang sabungan nag-link sa isang sabungan at may malalaki silang TV na ‘yung mga manlalaro sa isang sabungan ay nakakalaban o nakakatayaan ‘yung sa kabilang sabungan. Ang bayaran po dito ay through agents.

Pero po noong nagkaroon na --- noong 2012 po, noong nagkaroon ng Western Union o 'yung mga pera padala, nag-expand po ito, hindi lang po sa isang sabungan, sa lahat na ng sabungan na puwede at doon po sa mga sports bar, sa mga private venues, at sa iba pa pong venues, nagkaroon na po ng inter-betting ang mga manlalaro at ang bayaran po ay sa pera padala.

Nag-kick off po talaga nang malaking-malaking e-sabong operators noong 2018 na malakas na po ang Internet. Pero po noong 2018, hindi pa po siya talaga lumakas dahil ang mga aficionado po o 'yung mga nagsasabong ay ayaw naman po nila 'yung virtual, gusto po nila talaga 'yung nanonood doon sa sabungan.

Pero po nang nagkapandemya noong 2020 na nawala ang mga traditional sabong, doon po talaga nag-kick off at naging masyadong malaki na ang e-sabong. At doon na po na-catch ang attention mula noong 2018 na nag-Internet kung bakit hindi ito regulated.

Mula pa po 2010 hanggang po noong ni-regulate namin noong 2021 February, unregulated po ito. Lumaki po nang lumaki po ito kasi 'yung local government units nagkaroon po ng paglilisensya doon sa mga off-cock — cockfight betting stations.

Ngayon po, noong ni-regulate na po namin, nagkaroon na po ng: una, revenues generated; pangalawa po, nagkaroon na rin ng regulasyon na kung paano ang mga minors ay hindi puwedeng tumaya, which means 21 years and below. At saka sa abot ng aming makakaya, na 'yung mga banned personalities pati sa mga casino na may history ng addiction ay hindi na rin po makakataya through doon sa aming facial recognition na betting doon sa kanilang ginagamit na mobile phones. At doon po sa pag-monitor ng mga back offices ng lahat ng operators kung saan nandoon po lahat ang mga player accounts na every — every 15 days, sinusuri po ng aming monitoring and enforcement agency. Iyon po ang background nito. Nagsimula po noong 2010, na-regulate lang po ng national — ng national government noong 2021 February.

Doon po sa kautusan na ibinigay sa amin doon sa Executive — ni Executive Secretary sa kanyang memorandum noong March 8, 2022, tinanong po kami doon at sinabi po sa amin kung paano nagco-comply ang mga operators namin doon sa mga nakalistang kondisyones doon sa lisensiyang binigay namin sa kanila.

Patuloy naman po talaga ang pag-monitor namin niyan kaya po doon sa walong lisensiyado, may Notice to Proceed, dalawa na po ang nasuspinde in a matter of about 10 months or eight months kasi po nagsimula pa lamang ang operation noong April 2021, isa pa lang po ang operator noon.

Ang isa po sa mga nasuspinde noong September 2021 ay 'yung buong engkwentro. Iyong pangalawa pong nasuspinde noong December 4 ay iyon pong Golden Buzzer. Ang suspensions po nito ay sapagkat hindi sila nakakapagbayad ng kanilang financial obligations at wala naman pong iba pa doon sa kanilang mga lisensiya.

Doon naman po sa CCTV, talaga pong ang covered namin doon ay iyong actual fights. Hindi na po namin naco-cover ng CCTV iyong perimeter sapagkat nasa local government units po 'yun na nire-require nila talaga lahat ng business establishments nila na magkaroon ng ganoon.

Pero po dahil din po dito sa sulat o memorandum na nakuha namin mula kay Executive Secretary, sinulatan na po namin lahat ng operators namin pati po 'yung kanilang mga licensed na cockfight or studios na in seven days, mag-install sila ng CCTV hindi lang doon sa gaming

area o kung saan naglalaro ang sabong kundi sa loob ng cock — ng cockpits at saka doon sa labas ng perimeter.

At ito po, sa ika-walong araw, automatic na pupunta ang aming mga tao doon at 'pag sinabing hin — 'pag nakita naming hindi pa rin sila nag-install ng necessary CCTVs, ay 'yun po ay amin nang isususpende o kung patuloy pa rin po, may mga penalties pa po hanggang sa cancellation. Iyon po 'yung response namin doon sa memorandum noong March 8 ni Executive Secretary Medialdea.

Doon po naman sa amin pong — *[Hindi po namin kontrolado ang pag-aano nito eh. Paano? Next slide, please.]* — doon po naman sa koleksiyon na nakukuha namin, nais po naming ipaalam na iyong koleksiyon na ginagawa ng PAGCOR ay hindi po kasama ang BIR taxes at ang LGU taxes and fees. Ang kinukuha lang po namin ay 'yung regulatory fee namin.

Doon po mula po noong April — mula po noong April to December 2021, ang recorded income po na nakuha namin which is exclusive of all other taxes and fees that other government agencies may collect ay P3,690,752,016 po. Nagsimula po kasi kami noong April. Isa pa lang po ang operator at naging walo po sila noong matapos na po ang taon.

Nagbabayad pa rin po kasi iyong mga suspendido ng minimum guarantee fee kahit na po suspendido ang license para po hindi ma-cancel ang lisensiya nila. Nito pong Enero hanggang Marso 2022 — March 15, 2022, ang nakoleksiyon na po namin out of the seven licensees ay P1,375,860,483. Sa amin pong pag-aanalisa at projection, aabot po ng hanggang P7.2 billion hanggang P8 billion ang magiging collection sa e-sabong ngayong taong ito.

Doon naman po sa pag-aaral namin dito sa aming... Patuloy naman po kasi iyong aming fine-tuning ng aming lahat ng mga — ng aming lahat ng mga policies, systems and procedures, and controls.

Kaya po mas strikto na po ang gagawin namin doon sa aming player recording. Lahat po ng aming player registration ngayon nire-require po namin na magkaroon ng screenshot ang kanilang ginagamit na mobile — mobile gadget 'pag ginagamit sa pagtaya para po makita kung sino ang tumataya at para po makita namin kung tama 'yung player accounts nila doon sa mga back offices. Twenty-one years old and above lang po ang aming naki — ang aming pinapayagan.

Ngayon po nire-review na rin po namin ang minimum buy-in and bet limits sapagkat nalaman po namin o nariring po namin na may mga kabataan na magkokolekta pagkatapos 'pag may P100 na sila, tatanungin 'yung isang matanda na itaya sila. Sa ganito po, titingnan po namin at tataasan po namin 'yung betting limits.

Nais ko rin pong ipaliwanag sa inyo na isa sa mga control namin, kailangan po bawat mananaya may account at iyong sa account na 'yun, nagma-maintain po sila sa kasalukuyan ng P1,000. 'Pag po nag — bumaba na sa P1,000 'yung pera nila doon sa kanilang account na 'yun ay hindi na po sila puwedeng tumayo — tumaya.

Ang minimum bet po ngayon ay 100. Ang sinasabi po namin katulad po ng nagsimula kami doon sa POGO, talaga pong inaaral namin kasi bago pong service at produkto ito na nire-regulate namin at napakahirap po talagang i-regulate sapagkat ang mga stations ay all over the country.

Kaya po ngayon, ang aming — ang aming mga monitoring and enforcement officers ay nakakalat din po sa lahat ng mga licensed na sabungan ng LGU at doon sa mga studios o production areas na nililisensiya din ng LGU.

Marami rin po kaming nilalagay na banning mechanisms kasi po ini-integrate po namin 'yan ngayon 'yung kanilang system doon sa system nung aming banning mechanisms para po 'yung na-identify na naaadik na doon sa mga paglalaro, kahit anong sugal maski sa casino o doon sa e-Bingo or e-game, ay ma-integrate na rin po dito sa e-sabong.

At ine-encourage din po namin ang mga pamilya nila na sabihin sa amin kung sino sa pamilya nila ang dapat naming i-ban at agad-agad po naman namin talagang ini-implement 'yun doon sa lahat ng areas na may operation kami, hindi lamang po sa e-sabong.

Dito nga po sa CCTV requirement, kailangan din po naming makausap ang LGU sapagkat sila naman po talaga ang nandoon lalo na po 'yung sa mga perimeter outside the cockpits kung saan daw po nangyari naman itong pagkawala ng mga nagsasabong, mga sabungero.

Hindi po namin sinasabi na gusto naming mangyari 'yan o kaya po ay dahilan 'yan na puwedeng lahat naman na parang shotgun approach. Lahat naman po kahit walang pagkakasala o wala pang na-prove na guilty ay puwede na po naming suspendihin sapagkat may contractual obligations din po kami sa kanila.

At on the other side naman po, mayroon din naman po kaming obligasyon sa COA dahil revenue stream po ito na kung wala kaming dahilan na puwede nilang pakinggan legally o acceptable sa kanila, sa kanilang mga audit laws and procedures, eh magiging sagutin naman po namin itong 60 — P640 million average a month na collection mula sa e-sabong. Iyon po ay nagiging problema namin.

Pero po kung ano po ang magiging desisyon ninyo sa Cabinet at sa inyo po, sir, susundin po namin 'yun. Kung gusto po ninyong i-cut ang number of hours, ika-cut po namin 'yun at pag-aaralan po naming mabuti na hindi naman mababawasan din 'yung aming pagre-regulate.

Kung gusto po ninyong ipatigil, ang sasabihin ko lang po sa inyo na kung mula 2010 hanggang 2021 hindi po ito nare-regulate at palakas na po nang palakas, hindi po siguro suspend — hindi po siguro enough na suspendihin lamang ng PAGCOR ang mga lisensiya pagkat magtutuloy-tuloy po ito at unregulated at illegal nga lamang.

Kung pong gusto nating suspendihin ito, sabihan po ang mga mayor na huwag pong magbigay ng lisensiya sa anuman na magli-livestream o maglalagay ng camera sa traditional sabong. 'Pag po walang camera, wala pong livestreaming, wala po silang ia-allow na lugar kung puwede magkaroon ng tupada o laban, doon po siguro magkakaroon ng significant reduction sa e-sabong.

Pero sa ngayon po na nire-regulate na namin, mayroon po kaming isang grupo sa aming enforcement na walang ginawa kundi mag-monitor ng mga IP addresses na tumataya na hindi kasama doon sa naka-register sa amin.

Actually po, last week, 100 na po ang aming nakuhang illegal sabong IP addresses na binibigay namin sa DICT na tine-take down naman po agad ng DICT para.... Kaya lang po, pagkatapos ng tatlong araw, may made-detect na naman kami na mas marami pa. Kasi po kung noon pong

pandemya, iyong mga tupada ay hindi napatigil at ang ebidensiya po na hindi tumigil ito ay may nahuhuling paisa-isa, paano pa po kaya huhulihin kung nasa Internet?

And to be frank po, napakalaki po talaga ng halagang involved. Kaya po kung hindi na iregulate ito, isususpende namin at magtutuloy-tuloy ito, ito po ay magbe-breed talaga ng corruption doon sa mga dapat magpatigil nito.

Iyon lamang po ang aming masasabi. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Ma'am... Si An... President o Chairman ka ba, ma'am?

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Chairman, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Chairman Domingo, ang ano ko lang kasi is gam... Ito gambling, it is good because government allows it. Kasi kung bad ito, then there is no — you cannot look for a rationale — rationale to justify it.

Pero ang ano ko lang habol, iyong figures nga naibigay na sa akin. Kaya maintindihan ng Congress na marinig ninyo kung ilan ang kinikita. Kaya ako dahan- dahan na hindi muna ako nag-react kaagad. Sasabihin i-suspend, i-lahat, because of the income that the government derives from allowing this kind of game to go online in public.

Ang problema lang kasi you cannot control the bettors, iyong kung sino-sino ang makalaro. Kaya't subukan muna natin sa... Pati 'yung mga bata eh. Siguro subukan mo. But the problem is...

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Mayroon po kasi, sir...

PRESIDENT DUTERTE: This is a Cabinet meeting, you are free to give your own opinion and everybody is allowed to say something if they want.

Kasi kung i-limit ko rin sa araw, sayang naman 'yung pera na makukuha mo sa gabi. That would mean a reduction of the income. Eh ang sugal kasi kung tama ang sabi mo, magtutupada 'yan everywhere and anywhere. Magpupustahan talaga Pilipino in any province.

Ang appeal ko lang sa mga congressmen huwag na lang ninyong anuhin 'yan, kumikita 'yan. Walang nakikinabang diyan ha except PAGCOR, and of course 'yung mga malalaking players. Ang naglalaro talaga diyan, hindi mo naman masabi na mga mahirap. Sila ang — sila 'yung mga ano ito.

There is a culture diyan sa sabong na kung bawalan mo, sabi niya 'yung magsarili 'yung mga ano kung sino. May television, may online, lahat. So sila ang — sila ang maglaro, ah wala ang — there is no way that we can regulate it because hindi tayo pumasok. Iyon ang mangyari.

So mamimili ako ngayon na mawala 'yung income mo by the billions, opisina man 'yan at allowing it... Sayang eh. Wala tayong pera. We're short of money. Kaya ako pumayag na pati sa POGO.

Ako I will admit that talagang binigyan ko ng imprimatur. And the only reason is sabi ko nga because it gives income to government. That's all there is to it para sa amin dito. Iyon ang ano ko. Iyong POGO, sabi ko sige basta magbayad lang. Kaya ito ngayon, malaki man ang kita natin.

Ganito kasi 'yan. Do you...? People should realize the real problem. Kaso ito sugal, it is no different from itong mga dealer sa casino, iyong babae nahuli dito sa ano. There's always a room for a wrong which can be committed by people na ano.

Iyong sa casino 'yung... Maski saan ka, 'pag dinala mo 'yung ano itong game fixing, ma'am. Iyan ang gusto kong i-zero in ngayon sa last topic natin dito. Kasi apparently itong mga nag-aano — nagsusugal pati 'yung mga professional na sugarol na talaga, they went into something which was really bad. Iyong ano — iyong ilaban nila 'yung manok. Doon lang sila sa kabila pupusta kasi 'yung manok nila liguan 'yan before siguro sa — ibabad sa tubig. Mag-ano 'yang pati 'yung tari, talagang 'pag ginalaw mo lang a certain angle, wala na. Hindi na, wala na. Iyon.

Ang problema whether legal or illegal ang sabong, mayroon talagang mga magnanakaw diyan. Hindi ko sinasabi kung sino. Ito lang ang duda ko. Apparently it was because of game fixing which was widespread kaya ayun. Ngayon, whether sabihin ko isara ko itong e-sabong, ipapalit naman 'yung mga illegal. Ganoon rin, maglagay sila ng malaki... Tama 'yung sinabi mo, before malaking mga kuwan ' doon nag-aano sila. At saka 'yung legal sa labas mayroon ng ano, hindi ka na kailangan pumasok doon sa — tingin ka lang sa sabong.

It is good provided walang taong pumasok na ano. So I'm sad na nawala sila. I don't know. I really do not know maybe because there was really a widespread game fixing tapos alam mo naman din dito sa ngayon ang mga financiers niyan nagpapasabong, eh puro mga bilyonaryo na 'yan eh. Alam natin 'yan.

So maybe to teach everybody a lesson, kaya ang ano na lang nito, ma'am, is how... Ito na lang ang challenge ko sa iyo: how can PAGCOR control or do away with itong — ? It can happen again eh itong game fixing para sa...

Kagaya noong panahon namin, ma'am. Alam mo noong panahon namin? Iyong allowance ko noong nag-aaral pa ako dito, LBC pa noon. Pagdating sa dormitoryo ibigay sa iyo 'yung envelope kasi i-deliver.

Pagkatapos niyang hapunan, punta na doon sa jai alai. Ganoon, ganoon din noong panahon ngayon. P**... Game fixing rin sigurado. Kami noon, alam namin patama na lang baka makatama ka sa doon sa gusto nilang ipapanalo. Doon na lang ang pag-asa kasi may sugal. Iyong jai alai, buhay pa ba 'yung building diyan? Sinira na?

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Wala na po, sir. Condominium na po ata 'yung sa jai alai.

PRESIDENT DUTERTE: May bad spirit diyan, ma'am, kasi maraming mga estudyante na... Ako for the rest of the month, I subsist on water and pan na lang. Wala na kay naubos na sa...

Kaya 'yung 'pag... Ganoon rin. Iyon doon maglalaro ka o kung hindi ka maglaro, magpapusta ka lang kung — magpadala ka ng pusta mo. From the dormitory 'yung YMCA noon nasa harap ng — harap ng City Hall, Arroceros, eh isang — it was about siguro 400-600 meters. Iyon nandoon na sa...Tsk, tapos ang allowance.

Iyan ang problema kasi iyang sugal gusto mong bawiin nang bawiin hanggang maubos. Ang sabihin ko na lang sa ano, sa mga tao, huwag kayong magsugal kasi bangka talaga ang manalo, hindi kayo. Wala akong nakita na naglalaro ng sabong o ano jueteng na nag — except those who are really sponsoring the game.

Dito, eh sponsor ang gobyerno, tapos the so many billions that we could earn, hindi na mawala sa atin kasi of this incident dito sa ano. Game fixing 'yan eh. Kasi that could — it's not the only... It is the only reason why this thing happened. I'm sorry to say it in public. Kasi kung walang rason, bakit mawala 'yung mga tao? I'm not saying that they were... Baka na... At saka napakarami naman. At saka ito, itong lahat, kayo... Nagwa-warning rin ako, three months na lang ako. Ang karamihan ng financiers ng e-sabong, ma'am, ano talaga, they are known to us.

Dito sa Cabinet, alam natin, alam namin. Ang problema iyong resbak nila kung sila ang matamaan. Pati iyong ginawa nila, apparently, kasi kung mawala na ang confidence ng betting public na there is a possibility of ano lesser chances of winning because ang pusta mo doon sa mapatalo talaga. Nagpupustahan doon sa kabila.

I'm sure the police pati ang NBI will have a result of the... Kilala nila 'yung tao eh. Everybody knows. Well, iyan ang... Iyan ang... That's my take. It does not --- do not do away with cheating as long as there are human beings playing the game. You...

I cannot really masabi mo na it would even discourage people. Kaya iyang pagka maglaro ka ng ganoon tapos pumasok ka ng — mayroon talaga. Kasi tama 'yan, there are rules that you should follow kung hindi ninyo sundin ang mga...

Ito kasi ang ano sa ngayon sa... Baka ang Congress nagdududa na nagkapera kami dito. Transaction 'yan ng iyong opisina pati sila. We have nothing to do with it. So iyan ang... Iyan ang perception sa public. Well, I would like to disabuse their minds. I'm sorry, hindi kami pumapasok ng ganoon.

The only way na maano nila is maghingì. Magbigay kaagad 'yan. Alam mo bakit? Malaki ang pera eh. And usually, panalo man sila palagi. Now, dagdagan mo pa ng sabong, kaya iyan ang... Kayo if it is really the clamor of the people — alam ko itong mga pari galit 'yan.

Ang... Pero tayo kailangan nating mabuhay. Marami tayong... Marami akong gastusan. Iyong budget diyan sa ano iyong nandiyan na sa ano, hindi mo na magalaw 'yan eh. Ito 'yung taon na ito prepared last year, nandito ito na.

Iyong mga nakalagay diyan, wala na. Anything that may ano tapos nagkulang — ang immediate is itong mga nire-remit ninyo. Iyan ang dumadaan na diretso, PAGCOR kung ganoon, at lahat ng ospital, PAGCOR, lahat ng pangangailangan, PAGCOR. Iyong gusto ng eskwelahan, PAGCOR. 'Pag walang iba sa budget, oh PAGCOR na.

Kaya iyong alam ko na ang sakit ng ulo mo. Pero hindi bale, ma'am, three months na lang man. Tiis-tiis ka lang.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Yes, sir. Sabay ako sa inyo, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Oo basta ako, basta wala lang corruption. Iyan lang talaga.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Yes, sir. I assure you that, sir.

Sir, gusto ko rin pong ipaalala sa inyo na ang PAGCOR po this year kahit 2021 pandemic, P1 billion po ang dividend na ibibigay namin sa National Treasury.

Tapos po tiningnan ko, may accrued savings kami ng P5 billion na sabi po ng auditor, puwede na po naming ibigay sa National Treasury kung ire-request po ng President through the Executive Secretary. Mayroon po kaming naipon kahit na po nagpandemya na puwede namin pong ibigay pangtulong po sa inyo.

PRESIDENT DUTERTE: Eh di, ma'am, ganito na lang tutal gastusin man rin 'yan for the public good, idiretso mo na — sabihin mo ang gusto ko diretso na sa Treasury.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Opo, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Tatal makuha man 'yan kung...

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Opo, sir.

PRESIDENT DUTERTE: At least mapunta sa...

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: So... Iyan po... Iyon po talaga ang accrued savings namin, sir. So puwede...

PRESIDENT DUTERTE: Para mawala 'yung suspicion ng tao na may kumukuha, idiretso sa — ibigay mo sa Treasury kaagad.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Transparent naman po lahat, sir, eh. Wala naman pong makikitang kung ano man —

PRESIDENT DUTERTE: Alam ko, ma'am.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: — dahil nasa record naman po lahat 'yan at certified po ng accountants at mga auditors.

PRESIDENT DUTERTE: Alam ko, ma'am, at saka malaman ko nang malaman if there is a need to know, alam ko 'yan.

PAGCOR CHAIRPERSON DOMINGO: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Eh 'di matagal na sanang nagsarado ang PAGCOR kung may kalokohan na nangyari. Hindi man ito kalokohan. Wala mang kasali ang PAGCOR niyan. It is up to the law enforcement to solve it 'yung nangyari doon sa ano. The perception — hindi ko si — 'yung mga pamilya, hindi ko sinasabi na nandoon sila sa fixing. But the perception is wala ng iba eh. We cannot conclude any other or dwell in any suspicion because the nearest really that can happen it's a game fixing.

Well, if it happens na nasabit 'yung iba, that is not the... It is a knee-jerk reaction pagka hininto mo. Tatal may report man si ano, sila sa akin. Iyan ang ipadala ko sa Senate if they want. Or kung gusto nila i-subpoena nila ako, payag ako. I can waive the privilege para sabihin ko talaga

sa kanila na ito 'yan. Hindi mo mahinto. What can you find? If you are looking for something, what could it be? Ito sample lang ito ha, magchismis na lang tayo. Ang PGH, PGH, ang ano nila 'yung kakulangan palagi so iyong mga medisina. Ang sabi pa ng mga observers diyan na even the doctors mapilitan silang magbigay kasi wala na, wala silang ipamigay ng medisina.

Walang... Walang pambili. So what happened? Noong narinig ko 'yan, tinawagan kita, ma'am — si Chairman Domingo. Siya. Sabi ko, *"ma'am, may pera ba ang PAGCOR?"* Sabi niya, *"mayroon kung — hindi naman sobra-sobra but we're earning good."* Sabagay sabi ko, *"can you give PG — PGH 1 million?"* Tapos nagsabi pa na, *"1 million a month — ah a year?"* One million — ah 100 million ang pumu — a month to support PGH.

Tapos itong mga sa sundalo, iyong ospital nila, kaya 'yung mga maintenance nila. Alam mo ang sundalo pareho rin sa iba, they depend on sa ospital nila. Binigyan ko 'yang V. Luna, 50 million a month. Iyan ang pagmahal ko sa mga sundalo. Then another one sa Medical Center — Veterans, 50 million a month. Sabi ko diyan ninyo kunin 'yung mga maintenance ninyo.

That is how I — iyong "our" repay the debt of gratitude. Alam mong — buti itong atin kay matagal man siguro tayo pang... Ewan ko kung sinong mamatay dito sunod. Pero ang sundalo, ma'am, paglabas niyan sa kampo, wala na kalahati niyan impiyerno na. Once they go out of the camp and alam mo mga kampo ngayon... Kaya ako gusto magbili ng helicopter kasi pagka-camp — paglabas lang sa kampo, mayroon na 'yang NPA. Lumabas sa ano going South. Doon sa bukid-bukid may nakaabang na doon. Ambush na ang ano..

Sir, ikaw na, sir. We'd be — we'd know the complete picture of that seizure, among others, sir, among others.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Yes. Magandang gabi po, Mr. President. Ang una ko pong iulat ay 'yung ating update po sa 31 missing persons involved dito po sa e-sabong. Ito po ay ulat mula sa PNP-CIDG under Police Major General Eli Cruz. *[Please put the slide.]* At under po sa SITG "Sabungero" under Police Colonel Anthony Aberin.

Ito po ang mga ulat ng kaso ng nawawalang tatlumpu't isang sabungero mula sa Bulacan, Rizal, Quezon, Laguna, at Manila. Ang unang kaso po na naging panimula ng imbestigasyong ito ay ang anim na nawawalang indibidwal na dadalo dapat ng isang 6-Stag Derby sa Manila Arena sa Sta. Ana, Manila. Ang impormasyong ito ay ayon mismo sa mga kaanak at pamilya ng ating missing person. Ang drayber ng grupo, si John Claude Inonog ay nagawa pang tumawag sa kanyang ama na si Mr. Venancio noong mismong oras na sila ay nakadetena ng mga hindi pa nakikilalang mga indibidwal. Hanggang ngayon ay pinaghahanap pa rin ng ating kapulisan ang kinaroroonan ni John Claude at ng kanyang mga kasamahan.

[Next slide, please.]

Narito po ang kuha ng CCTV, Mr. President. Magkakasunod na lalabas ang sasakyan mula sa kanang bahagi ng screen. Unang makikita ang black van, sunod ang silver na van, pagkatapos ay papasok ang silver gray na kotse na tila naghihintay sa kaliwa ng kalsada. Susundan ito ng puting Tamaraw FX na napag-alamang huling ginamit ng mga nawawalang indibidwal at pagkatapos naman ay sumunod dito ang puting kotse.

[Next slide, please.]

Mula po sa isang CCTV feed, Mr. President, makikita po nang mas malapitan ang convoy ng mga sasakyan.

[Next slide, please.]

Ang susunod naman pong kaso ay ang limang indibidwal, isa na dito sa Melbert John A. Santos na nagpaalam sa mga kaanak noong January 12, 2022 upang sumali sa isang 6-Stag Derby na gaganapin sa United Association of Cockpit Owners and Operators of the Philippines, Inc. sa Barangay Palasan, Sta. Cruz, Laguna noong January 14, 2022.

Habang iniimbestigahan ng ating kapulisan ang kasong ito, ibinahagi ng ama ni Melbert na mayroon daw nag-withdraw sa ATM account ng kanyang anak na nagkakahalaga ng P26,000 noong mismong araw ng derby. Kinukuha na ng PNP ang kopya ng CCTV na makakatulong sa pagtunton ng mga taong responsable sa insidenteng ito.

[Next slide, please.]

Sa CCTV footage na inisyal na nakalap ng PNP, makikita ang isang lalaki na nagwi-withdraw sa ATM machine na tugma sa testimonyang ibinabahagi ng ama ng nawawalang indibidwal sa ating mga imbestigador.

[Next slide, please.]

Ang susunod po namang kaso ng nawawalang Nomer A. Depano at lima pa sa kanyang mga kasamahan noong 6 January 2022. Ang grupong ito ay naiulat na bumibiyahe paalis ng kanilang mga tirahan sa Calumpit at Hagonoy, Bulacan upang sumali sa isang 12-Stag Derby na magaganap sa Royal Octadome Inc. na matatagpuan naman sa Barangay Tangub, Lipa City, Batangas.

Tatlong araw na makalipas, ang kanilang pag-alis ng tahanan, natagpuang inabandona ang kanilang sinakyang van sa highway ng Barangay Corazon, Calumpit, Bulacan. Sa tulong ng inisyal na ebidensiyang nakalap ng ating kapulisan, titiyakin nating matunton ang mga indibidwal na responsable at agad natin itong kakasuhan.

[Next slide, please.]

Noon pong masimulan ang imbestigasyon ukol sa unang tatlong kaso ng mga nawawalang indibidwal, lumutang naman ang ilan pang mga kaso, Mr. President, na may koneksiyon din ng pagkakahalintulad sa unang ating mga naibalita. Isa na rito ang insidenteng kinabibilangan ni Nazarino S. Vescante at apat pang kanyang mga kasamahan na unang iniulat na nawawala noong December 29, 2021.

Ayon sa mga kaanak ng mga nawawalang lalaki, nagpaalam ang mga ito na bibiyahe ng umaga noong December 27, 2021 mula sa Barangay Bolo, Catanauan, Quezon papunta ng United Association of Cockpit Owners and Operators of the Philippines, Inc. sa Sta. Cruz, Laguna upang sumali rin sa isang derby ngunit hindi na sila muling nakita.

[Next slide.]

Sunod ay ang pagkawala ni Kiel Daniel A. Bohol at apat pa nitong mga kasamahan. Nakuha sa inisyal na imbestigasyon na nakiusap ang grupo ni Kiel Daniel sa isa pang grupo ng mga sabungerong pauwi na dapat ng Bulacan kung maaari nilang — kung maaari silang samahan ng mga ito upang mahiram ang serbisyo ng kanyang gaffer or mananari dahil wala umanong lisensiyadong gaffer ang grupo ni Kiel Daniel.

Nagtungo ang kasamahan ni Kiel Daniel at ang dalawang — ang ikalawang grupo ng mga sabungero, sa doon pa ring lugar, United Association of Cockpit Owners and Operators of the Philippines, Inc. sa Sta. Cruz, Laguna para sumali sa naka-schedule na 3-Cock Derby ng araw na 'yun.

Ngunit habang ginaganap ang sabong, ayon sa testimonya ni Morris Kelvin F. Jordan, miyembro ng ikalawang grupo, nagkasuspetya siyang nagkakaproblema ang grupo ni Kiel Daniel kaya agad niyang sinabihan ang kanyang mga kasamahan na umalis na lamang upang hindi na madamay sa problema.

Mula noong araw na iyon, hindi na muling nakita sila Keil Daniel at ang apat sa kanyang mga kasamahan. Kabilang na rito ang gaffer ng kabilang grupo na si Nerio Anticristo.

[Next slide, please.]

Ang panghuli pong kaso ay ang kaso ni Michael Bautista at tatlo pa niyang mga kasamahan na nagpaalam din na sasali sa isang 8-Cock Derby sa United Association of Cockpit Owners and Operators of the Philippines in Sta. Cruz, Laguna on April 28, 2021.

Bago pumunta sa sabungan, nagtungo muna ang grupo ni Michael sa farm ng isang Brindon Retusto. Sinubukan ng mga kaanak ng nawawalang sabungero na kausapin at tanungin si Mr. Retusto kung saan ang kinaroroonan ng grupo, ngunit mailap daw ito at ayaw makipagtulungan sa kanila.

Sa kasalukuyan ay nagtatago na ito si Mr. Retusto at pinaghahanap na rin ng pulisya. Kasama ang CIDG investigators, naghain ng kasong obstruction of justice ang mga kaanak ng nawawalang sabungero laban kay Brindon Retusto sa Office of the City Prosecutor of Calamba City, Laguna.

[Next slide.]

Habang patuloy ang imbestigasyon at kasalukuyang ine-expedite ng PNP-CIDG ang koordinasyon at pagsasampa ng kaso laban sa mga taong sangkot, nakapagbuo ng limang obserbasyon ang mga imbestigador na bumubuo sa SITG.

Una, ang lahat ng mga ine-report na nawawalang indibidwal ay huling namataan o nakita within the premises o malapit sa nasabing cockpit arenas;

Pangalawa, halos lahat ng mga sasakyang huling nakitang ginamit o sinakyan ng mga nawawalang indibidwal ay natagpuang abandonado malapit sa lugar na kanilang tinitirhan;

Pangatlo, hawak ng iisang administrator at operator ang mga cockpit arenas na nabanggit sa lahat ng kaso;

Pang-apat, lahat ng cockpit arenas na sinasabing huling pinuntahan ng nawawalang indibidwal ay walang functional or installed closed-circuit television systems o CCTV;

At panghuli, ang lumalabas na persons of interest sa nagawang imbestigasyon ng SITG ay kabilang sa security o management staff ng mga nabanggit na cockpit arenas.

[Next slide.]

Dahil na rin sa pagdami ng kasong may kaugnayan sa pagkawala ng mga sabungero sa Manila at CALABARZON, binuo ng PNP ang Special Investigation Task Group “Sabungero” o STIG --- o SITG upang mapabilis at mapadali ang koordinasyon para sa kanilang pag-iimbestiga at sa paghahain ng akmang kaso laban sa mga suspects.

Nais naming ibalita, Mr. President, at least eight suspects na ang ating na-identify. Sa oras na makuha na natin ang sapat na ebidensiya ay hihingin na natin ang tulong ng korte. At sa bisa ng mga warrant, agad nating hahanapin ang mga suspects na ito upang mabigyang linaw na ang mga insidente at mapatawan ng hustisya ang mga taong responsable dito.

Hindi lamang po ang PNP ang nagsusumikap maresolba ang kasong ito. Patuloy ang pagtutulongan ng Pambansang Kapulisan, ang National Bureau of Investigation, at ang ating mga korteng panlalawigan, panlungsod, at ang Department of Justice upang hindi na — mapanatag at hindi na mangamba ang ating mga kababayan.

Makakaasa po kayo, Mr. President, at ang ating mga kababayan, na hindi titigil ang Kawanihan ng PNP, kasama ang iba pang ahensiya hangga’t hindi nauungkat ang katotohanan sa likod ng mga insidenteng ito. Dito po nagtatapos ang aking ulat, Mr. President, sa mga nawawalang sabungero.

Doon naman po sa ating report po sa drug — Anti-Illegal Drug Operation po. On top po doon sa 1.6 tons na nakumpiska ng NBI dito po sa lalawigan ng Quezon na nagkakahalaga ng P10 billion, sa loob po ng isang linggo, noong March 8 ay mayroon din pong nakumpiska ang PDEA — ang pinagsanib na puwersa ng PDEA, PNP at saka Armed Forces of the Philippines na 160 kilos of shabu na nagkakahalaga ng P1 billion dito po sa area ng Karuhatan, Valenzuela City.

At sa buong one week na nagdaan po ay nakapagsagawa ng 950 operations ang ating law enforcement, nakapag-aresto ng 1,304, kasama po ‘yung isang Chinese national at ang kanyang maybahay na isang Pilipina na nakapagkumpiska ng 160 kilos of shabu.

Sa kabuuan po ay mayroon tayong nasamsam na P1,173,219,000 at ito po ay nakapagsagawa din po ng operation na kung saan dalawa ang nasawi at 28 ang nag-surrender. At ‘yan lang po ang aking maiuulat, Mr. President. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat. Those are the incidents and issues that are raging in the country today, especially here in Manila. Sinadya ko kasi itong si Secretary Galvez, should be discussed right after or before Secretary Dizon, magkapareho kasi ang ano ninyo eh. So I’d like to call on Secretary Galvez first.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; fellow Cabinet members; mga kababayan po natin, magandang gabi. Ngayon pong gabi magbibigay po tayo ng updates sa ating katatapos lang po na National Vaccination Day Part 4.

[Next slide, please.]

As of this date, mayroon na po tayong 139.06 million na po ang na-vaccine natin, na-administer at mayroon na po tayong 64,660,228 Filipinos na po ang fully vaccinated.

Ang atin pong pediatric vaccination ay patuloy na may magandang turnout. Mayroon na po tayong 8.7 million na kabataan sa edad na 12 to 17 anyos ang fully vaccinated. Mayroon din po tayong 1,233,017 na rin po ang may first dose for children ages five to 11 years old.

At may maganda pong balita na may FDA approval na po ang Sinovac sa six to 17 years old na ito po ay ginagamit din po sa 14 countries. Pero magi-issue pa po ang HTAC ng — at saka ng DOH ng guidelines.

Subalit continuous pa rin po ang decline ng pagbabakuna, lalo na po sa paga-administer ng booster. Nananatiling mababa kahit na mataas ang willingness na 80 percent. Ang resulta na po ng vaccination natin ay umabot lamang sa almost 1,400,000 na katao sa pagbabakuna. This only represents 75 percent of our target sa 1.8 [million] na dapat mabakunahan.

[Next slide, please.]

Ito po ang detalye ng resulta ng ating National Vaccination Days. Para po sa first dose nagkaroon po tayo ng 354,751; at sa second dose naman po mayroon na tayong 594,712; at sa boosters nakakuha po tayo ng 460,426.

Ang pinakamataas po na rehiyon na nakapagtala po noong National Vaccination Day ay Region III, Region IV-A, Region VII at saka Region I. At ang medyo pinakamababa po ng kaunti ay 'yung Region ng CAR, MIMAROPA at ang BARMM.

We want also to acknowledge the participation of the different private clinics with the Philippine Medical Association, the Bureau of Correction, churches and religious sector; ang ating mga BPO; ang CHED at saka DepEd po tumulong din po sa atin; ang ating mga uniformed personnel; at ang private sectors, particularly ang Araneta Center, ang Quiapo Church, 'yung El Shaddai, 'yung Teleperformance; and also different LGUs and other volunteers. Marami pong salamat sa inyong partisipasyon sa ating National Vaccination Part 4.

Ito rin po ang mga pictures ng ating pagsusumikap sa pamumuno po ni Sec. Vince at saka po ng ating DOH, ni Sec. Duque, at saka ni Usec. Myrna na marating ang mga kababayan sa mga jab sites, sa kanilang mga bahay, sa mga pribadong lugar, para mabakunahan ang ating mga seniors at mga kabataan.

[Next slide, please.]

Sa kabuuan, may 69.8 million na po tayong indibidwal or almost 70 million ang ating naturukan sa first dose or 77.60 percent. Samantalang 64.6 million or 71.84 percent of the 90 million target ang nabakunahan na ng dalawang doses. At nasabi na po natin kanina na mababa pa rin po ang ating boosters, which only represents 15.56 percent of the targeted population.

As an update for regional coverage, seven regions has more than 70 percent fully vaccinated, while the other eight regions has more than 60 percent with two doses. So dalawa na lang po

na rehiyon, ang BARMM at saka Region XII ang below 60 percent ang fully vaccinated, 'yung nasa white po na — na ano po natin.

[Next slide, please.]

To our fellow workers in government, please take note po na ang Civil Service Commission under po sa kay Cab. Sec., dating Cab. Sec. po natin, mayroon po tayong absences na puwede po tayong mawala sa ating trabaho for the inoculation of their employees.

Second, ang booster dose of the COVID-19 vaccine for workers exhibiting minor adverse events, they are allowed up to three calendar days for excused absence. And for our kababayans working with the private sector, rest assured that the government is continuously working to get vaccines in your arms.

[Next slide, please.]

Mr. President, makikita po natin sa graph po na ito napababa na po ang vaccination rate starting the month of November. Nakikita po natin noong unang mga panahon, mayroon po tayong mga supply issue, sa ngayon naman po nakikita po natin nagsisimula po tayong magkaroon ng demand issue dahil gumaganda na po ang kalagayan ng Pilipinas. Meaning, nagiging complacent na po 'yung mga kasamahan natin na magpabakuna kahit na nakita natin araw na araw — na araw-araw po na talagang sinu-supervise po natin ang mga regions at talagang araw-araw na din po na talagang fina-follow-up natin ang mga output.

Nakikita po natin na since February, our output decreased by more than 50 percent. And this month, we might only achieve 5 to 6 million doses administered. So ito po ang possible strategies po natin. We have to have — highly encourage our government workers and economic frontliners to get boosted; second, mag-provide po tayo ng possible incentives for people with boosters; and also, lastly, maybe ang nire-recommend po ng ibang mga — ating mga business sector na ang boosters may be a requirement for travel and [entering] establishments, and other privileges.

Mr. President, bago po ako magtapos, gusto ko po sanang magpasalamat po sa support niyo po sa peace process, lalo na po sa Mindanao at tuloy-tuloy po ang ating katahimikan po doon. At we would like to thank you po sa lahat po ng mga guidance at support niyo po sa amin sa OPAPP group. At maraming salamat din po sa pagpirma po sa EO 158 na pinalakas niyo po ang aming opisina na ginawa po ng dati na OPAPP, ngayon po ay Office of the Peace Process, Reconciliation and Unity po. So iyon lang po at si Sec. Vince po ang tutuloy po ng mga details ng vaccination po natin with the LGUs.

PRESIDENT DUTERTE: You know, in the same breath, I'd like also to thank you for your industry. One of the pinakamahirap na trabaho naibigay ko sa iyo, actually more than sa — well, pagkatao mo, being a soldier, you never give up and hoping that things will go all right, nangyari. At least pagka ngayon, pasalamat ang gobyerno sa iyo for really the big help that you have extended us.

Now, ito pareho kayo, si Secretary Dizon, still on the vaccination targets.

PRESIDENTIAL ADVISER FOR COVID-19 RESPONSE VIVENCIO “VINCE” DIZON: Maraming salamat po, Mr. President, Mayor. Mabilis lang po ito. We are very happy to report

po, kagaya ng sinabi ni Secretary Galvez na dahil po sa ating National Vaccination Days Part 4...

PRESIDENT DUTERTE: You might want to take off your mask, Vince.

SEC. DIZON: Dahil po sa National Vaccination Days Part 4, Mayor, mayroon po tayong nine, siyam na probinsiya at highly urbanized city na naidagdag sa listahan ng mga siyudad at probinsiya na Alert Level 1 na po ngayon. Ibig sabihin po nu'n ay talaga pong umaandar na ang kanilang mga ekonomiya at marami po dito ay malalaking siyudad tulad ng Iloilo, ng Cebu, Ormoc, Tacloban, Butuan, at Lucena City.

At nagdagdag din po tayo ng tatlong malalaking probinsiya, lalong-lalo na ang Batangas, which is a major industrial hub, Mr. President. At ang dalawang probinsiya sa Region III, ang Nueva Ecija at Zambales na napakaimportante naman po sa ating agricultural production at sa ating food production sa Pilipinas.

This is very timely, Mr. President, kasi nga po gaya ng sinabi ni Secretary Chua at ni Secretary Dominguez kanina, kailangan po talaga nating paandarin ang ating ekonomiya para labanan itong mga napakabigat na problema natin na nanggagaling sa labas ng ating bansa tulad ng pagtaas ng presyo ng krudo at ng — at ng kuryente.

Sila po ay pumasa na doon sa metrics natin sa fully vaccinated at pagbabakuna ng ating mga elderly. At dahil po diyan, we have now a total of 64 cities and provinces throughout the country that are already at Alert Level 1 and these are all, most of the major cities throughout the country

However... *[Next slide, please.]* Panghuli na lang po, these are all the cities... *[Tuloy-tuloy na lang po 'yung slides, please.]*

What we are trying to do now, Mr. President, is we are trying to push all the other provinces and cities to really achieve these levels of vaccinations so that they can also deescalate to Alert Level 1 at the soonest possible time, hopefully within the month of March so that they can all help the economy move forward and we can all address the economic storm that we are facing together as a country.

So we will be working on that, Mr. President. And the good thing is the IATF, through the leadership of our Chairman, Secretary Duque, has already authorized that once these provinces and cities hit the vaccination targets, we can already move them to Alert Level 1 immediately 'no once they hit them, and we will be reviewing these numbers on a daily basis, Mr. President, moving forward.

Maraming salamat po, Mr. President. Thank you very much.

PRESIDENT DUTERTE: Ganito na lang. Iyong last na ano is si Deputy Director General Oscar Gutierrez sa FDA. I-capsulize mo lang ang ano mo kasi alas-dose na. Kailangan matulog na ako.

FDA OIC DIRECTOR GENERAL OSCAR GUTIERREZ JR.: Magandang umaga, Mayor. So magbibigay lang po ako ng kaunting update, tatlong slide lang po ito, Mayor.

So sa first slide, ipapakita ko lang po dito na sa ilalim po ng Executive Order 121 na pinirmahan niyo po, naaprubahan po ng FDA ang Sinovac po para sa six years old and above noong March 11, 2022. Ito po ay magagamit na rin po. At dito rin po, naaprubahan din po ng FDA ang Paxlovid, sa ilalim po rin ito ng Executive Order 121 at may nadagdag po na Molnupiravir.

[Next slide po.]

Ito naman po, walo na po ang ating naaprubahan po na home self-testing, mayroon pong pumasok na dalawa na ang specimen pong ginagamit ay oral fluid or saliva. Kung makikita niyo po, dito sa kanan ay 'yung oral fluid po magkapangalan po 'yan pero — pareho po ang product name, pareho ang manufacturer, magkaiba po ang distributor-importer. So posible po 'yun na inaaprubahan po ng FDA na dalawa po ang distributor.

Doon naman po sa nasal swab, makikita niyo po 'yung number two, three and four, pareho po ang product name, pareho ang manufacturer, magkaiba po 'yung distributor-importer. So bale sa nasal swab, one, two, three — apat po 'yan, I mean apat po na produkto 'yan na naaprubahan.

So 'yan lang po, Mr. President, ang aking updates po for today.

PRESIDENT DUTERTE: Grabe ang arsenal mo, Oca ah. Walang kalaban-laban ang COVID nito kung ganoon karami ang ano mo.

OIC DIRECTOR GENERAL GUTIERREZ: Doon nga po sa Paxlovid, mahal na — ah Mayor ay tuloy-tuloy po 'yung aming CSP, 'yung compassionate special permit, 300,000 boxes po 'yung ating na-issue-han ng CSP, good for 60,000 plus patients.

Doon naman sa Molnupiravir, bale 3.3 million tablets po 'yung ating naaprubahan under CSP good for more than 86,000 patients po. So ganoon po. Tuloy-tuloy lang po, Mayor. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: So after all of these things are presented, si Secretary Duque na ngayon will — well, 'yung lahat ng sinasabi nila nandiyan sa iyo kay ini-recast ko 'yung ano.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Salamat po. Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; mga kapwa ko kalihim; at ang atin pong mga mahal na kababayan. Ako po muli ay mag-uulat patungkol po sa ating updates sa COVID-19 response.

Ayan po ang unang slide. Ito pong linggong Marso 9 hanggang 15 ngayong taon, mayroon po tayong naidagdag na 3,915 na kaso at ito po ay mga 30 porsiyentong bumababa na kung ikukumpara sa linggo nakaraan na 5,534. At ngayong araw po ay bumaba na po below 500 ang cases natin. In fact, nasa 398 na lang po. At ang atin naman pong daily average cases ay nasa 559 na lang po.

Sa bandang kanan po makikita natin itong top 3 regions na may naiambag sa atin pong caseload: ang NCR, Region IV-A, Region VI. Samantalang ang tatlong mga lungsod naman at — well, regions 'yung sa nauna — ito naman ang lalawigan at mga lungsod top 3: Manila, Cavite, Iloilo Province. At ang atin pong naidagdag na severe, critical cases ay tatatlo lang po, samantalang ang ating case fatality rate ay nananatili sa 1.57 percent.

Samantalang ang ating cumulative recovery rate ay nasa 97.18 percent. So mataas na mataas na po ang recovery rate, patuloy na bumababa ang kaso. Ang positivity rate naman po natin, 7-day moving average, nasa tatlong porsiyento na lang po.

Kung maalala po natin sa kasagsagan ng Omicron, umabot po tayo ng almost 50 percent positivity rate and a 7-day moving average of about 80,000 to 90,000 tests. Ngayon po, bumaba ang demand dahil kumakaunti ang kaso, nasa 22,402 na lang po 'yung mga tinest (test) na mga individual.

At ang atin naman pong healthcare utilization rates makikita po natin ang total bed capacity or non-ICU nasa 17.5 percent lang po at ang ICU bed utilization 19.4 percent. Ito pong dalawa na ito, ang ibig sabihin mababa sa 50 percent utilization rate kaya sila po ay nasa low risk classification. Samantalang ang severe and critical admissions naman natin ay nasa 14.3 percent or 1,006 of total admissions.

[Next slide.]

Ito lang po 'yung epidemic curve natin na inilalarawan ang estado ng COVID sa Pilipinas kasama din po ang NCR. Gaya po nang nabanggit ko kanina, 'yan tuloy-tuloy na bumababa po tayo. Kung makikita natin 'yung epi curves sa bandang kanan ay tuloy-tuloy na bumababa pero medyo bumabagal po 'yung pagbaba ng kaso kaya mayroon po tayong 559 cases on the average for week March 9 to 15, and this is down by about 39 percent. By and large, ganoon din po nasasalamon sa NCR, pababa na rin po although mas kakaunti ang ibinagsak ng kaso but still significant, 16 percent for this week, March 9 to 15, compared to the week prior na nasa 192 which is also lower compared to the week prior to that week.

[So next slide po.]

Ito na lang po mapapakita rito ang ating metrics of growth in cases. Ang buong Pilipinas ang pinakamataas po diyan sa row number 2 ay nasa negative 55 percent ang two-week growth rate. So ang ibig sabihin ho nitong panukatan na ito ay mabagal na po ang kalat ng virus. Samantalang ang ating average daily attack rate nasa 0.61, ibig sabihin po nasa minimal risk classification dahil talagang bumagsak na po ang mga kaso, ang pangkalahatang classification ay nasa minimal. At 'yun pong ating health systems capacity ganoon din po gaya ng nabanggit ko, nasa low risk na rin po. Buong Pilipinas, all the regions that we see in front of us ay nasa minimal risk na lang po ang kanilang classification.

So ang sunod po, ang last slide ko po ang — Mr. President, sa mga nakalipas na araw marami pong mga bali-balita, mga ulat tungkol po sa bagong COVID variant na tinaguriang quote, unquote tawag nila pong “Deltacron.”

Eh nais ko pong gamitin ang pagkakataong ito upang maipaliwanag sa atin pong mga kababayan. Ano nga ba ang Deltacron? Ang Deltacron po ay mayroon pong tinatawag na mutation sa kanyang spike protein ay AY.4 / BA.1. Pasensiya na po, ipapaliwanag ko pa rin po ito para malinawan.

Ito po ay isang klase ng recombinant variant ng Delta represented by AY.4 at Omicron naman na BA.1. Ito pong nagsama na dalawa na ito ay tinatawag nating “recombination.” Ang proseso nang pagsasama ng bahagi ng katangian o genetic material ng magkaibang variants. At sa kasong ito, ang parent variant o ang genetic sources ay ang Delta at Omicron.

At nagaganap ang recombination kapagka mayroon pong sabay na infection or coinfection na panahon na nahawaan ang isang tao o host ng magkaibang variants. Naging posible ito sa mga nakalipas na buwan nang maitala ang magkasabay na umiikot or in circulation ang Delta at Omicron sa ilang mga bansa, kasama din po ang Pilipinas dito. Noong bago ang kasagsagan ng Omicron mid-January ay nagkaroon naman po tayo ng surge noong August, September ng Delta variant.

So ito pong recombinant variant na ito ay nakitaan ng spike protein, 'yun pong mga matutulis na lumalabas doon sa virus, parang mga — *[anong tawag dito?]* Spikes.

PRESIDENT DUTERTE: Spikes, spikes.

SEC. DUQUE: Yes, sir — katulad ng Omicron. Samantalang ang iba pang bahagi ay, gaya ng sinabi ko, ay mula naman sa Delta variant. Pero hindi po nangangahulugan, Mr. President, agad na ito ay mas nakakahawa o mas peligroso o mas mabangis kumpara sa kanyang mga pinanggalingang variants o sabihin natin “parent variants.”

Additionally --- *[next slide]* --- ang AY.4 and BA.1 recombinant variant, ito po ay nakita sa France natukoy noong January 2022. At natuklasan din po ito sa Denmark, Germany, and Netherlands. At kahit pa man ito ay na-detect na mula noon ay mababa po ang detection rate. Ito ay hindi pa nagpapakita ng kakayahang makapanghawa nang mas matulin pa sa Omicron at mas mabangis pa sa Delta. Hopefully, hindi naman po sana mangyari ito.

So karagdagan dito, sapagkat ito po ay may spike region na katulad sa Omicron, naniniwala tayo na ang kasalukuyang mga atin pong mga estratehiya at mga hakbang ay — laban sa Omicron — ay magiging patuloy na epektibo pa rin sa banta ng recombinant variant na ito.

So sa kasalukuyan, Mr. President, hindi pa ito naitatala sa ating bansa at nananatiling nagsasaliksik ang atin pong mga experts upang higit na maunawaan ang kabuuang katangian ng recombinant variant na ito in terms of, ika nga, 'yung hawaan, mas mabilis ba ito, or transmissibility, o 'yung pagtakas o pag-iwas ng proteksiyon taglay bigay ng bakuna at 'yun pong kanyang kakayahan na magdulot ng mas serious or severe critical disease.

[So last slide --- ay hindi, balik mo lang doon 'no.]

So mayroon din tayong binabantayan, Mr. President. Ito naman 'yung variant na sublineage ng BA.2, nagkaroon ng 2.2 pa 'no. So sublineage po ito ng Omicron at ito po ay na-designate lamang nitong nakaraang linggo, March 7. At ayon po sa mga ilang researchers, karamihan ng kaso ng Omicron variant sa Hong Kong na kung saan sumisipa po ang kaso ay mula po sa sublineage BA.2.2, at kasabay nito ang nasabing variant ay nakitang tumataas rin ang bilang sa UK at iba pang bansa.

Ang naoobserbahang pagtaas ng mga kaso sa Hong Kong ay iniuugnay po sa variant na ito na BA.2.2 sublineage. Ngunit ilan sa mga researchers ay nagsasabi na ang pagtaas ng kaso sa Hong Kong ay dahil sa kanilang mababang vaccination rate kagaya po ng nabanggit ni Secretary Vince Dizon, lalo na po sa mga nakatatanda na ang coverage nila nasa 33 percent lang po, 'di hamak na mataas ang ating vaccine coverage for our seniors.

At kung mas nakadudulot ng breakthrough infection or immune escape, sa ngayon, Mr. President, wala pang natutuklasan na BA.2.2 sublineage na mga samples na na-sequence ng Philippine Genome Center sa ating bansa. Pero patuloy po tayong nagbabantay at kagaya po ng inyong paulit-ulit na paalala sa taong-bayan ay kinakailangan pa rin po sa ibabaw ng atin

pong tumataas na vaccination coverage ay patuloy po ang ating disiplinadong pagsunod o pagtalima sa atin pong minimum public health standards of mask, iwas, airflow and of course vaccination muli. So 'yun lang, Mr. President, ang pangkalahatan akin pong ulat.

PRESIDENT DUTERTE: Ito, sir, kasi itong BA.2.2 is raging now in Hong Kong. Is there a possibility that this particular idiot will visit our country?

SEC. DUQUE: There is a possibility, Mr. President. Although nanggaling po tayo sa BA — 'yung pong surge natin, BA.2. So hindi pa natin masabi kung ito ho ba ay magdudulot ng ganoon kaseryosong pangyayari katulad sa Hong Kong.

Pero on the other hand, 'yun po kasing vaccination coverage ng citizens sa Hong Kong eh mababa lalo na sa senior citizens. So tayo mas maganda ang ating protection level given two things 'no: one, is the protection from the vaccination which as I've said, we have done for a majority of our population; and the other one, we have experienced five surges, Mr. President, 'no which means nagkaroon tayo ng maraming infection so that also has rendered our population a sub-degree of protection as well. So from natural immunity and also from vaccination.

PRESIDENT DUTERTE: I hope that you would not culture another ano, virus dito sa ano, sir, kasi... You know, nandiyan... COVID is still here, it's alive, it's kicking. Tapos mabuti't na lang napadaan tayo and most of tinamaan is nagkaroon ng defense sa system nila. But not all were sick of COVID-19, the original 'yung ano, 'yung... Iyong itong mga mutant, ang tanong ko sa iyo, kung hindi na maghinto itong — mag-mutate naman ng other, baka ang kalabas-labas nito sa mutation, sir, crocodile na. P***** i** itong COVID na ito. Bwisit.

Walang hinto eh, nandito 'yan eh. Well, I hope that everybody would — pati ako siguro, pero hindi pa ako tinamaan ng COVID, sir, eh. Iyan ang worry ng misis ko. Whenever I go out, I take off my — hindi naman ako kasi nasanay maging holdupper, sige maskara-maskara.

But you know, I would suggest to everybody, of course, in the process of going out, that itong COVID is still here and one of the best defenses that we have — human really have adapted to is the wearing of the mask. Wearing of the mask basta maski na mag-abot tayo ng zero it will be — it is good to just wear a mask kasi 'yun ang nakakapigil ng ano eh, ng talagang widespread uncontrolled contamination.

So one of the — of course, the medications, but 'yung karamihan lalo na nagbakuna, tapos... Because they say that you can get reinfected. Iyan ang problema. Kagaya kay Secretary Lorenzana, ilang beses tinamaan ng — tatlo. Oo, tatlo. Pero wala — walang laban, army yata ito. P***** i**** COVID na 'yan, army ang kalaban mo, talagang... Tayong mga sibilyan na walang ranggo ang... Del, I suppose that you have a very good genes sa ano, mas malakas ang immune system.

Well, sabi ko kay Oca, next time ka na lang Ca, alas-dose na eh. Tinatawag na ako sa telepono kasi sleeping time ko is... *[Official: Tapos na, sir.]* Ah tapos ka na? Ah oo, tama.

Si Andanar kay sige lang kain diyan. Ano bang kinakain mo? Hindi ka na natapos kain, kanina ka pa, puro tsitsiryas. Well, let me thank the persons who are here, 'yung mga resource persons, who attended this meeting. Thank you very much for your presence. Si Secretary Medialdea, Secretary Lorenzana, Secretary Andanar, Senator Bong Go, Usec. Mark Dennis Joven, Usec. Antonette Tionko, Usec. Kim Robert de Leon, Usec. Tina Rose Marie Canda,

Usec. Giovanni Lopez, thank you for your presence and your assistance dito sa Cabinet meeting na ito.

And to our mga mahal nating — ito mahal, mahal — mahal... Si ano kasi ang naggamit eh “mahal na kababayan.” Biro mo mahalin mo lahat ‘yan, matutunaw ang pag-ibig mo diyan. Sa ating mga kababayan, they will be reporting to you regularly until I get out. And I hope that you take care, I said the mask will be with us for the longest time. I suppose that until we reach zero, we’ll just maintain the one — Level 1 and wear the mask, importante talaga ‘yan. You just maintain the — make it a habit, make it a habit to wear the mask para mas maganda. Just — iyan ang tandaan ninyo.

‘Pag gawain ninyong bisyo para hindi talaga kayo ma — masigurado ‘yung — at least may laban ka, may laban ka. In a scale of one to 10, ang laban mo ‘pag may mask ka is about six, I would put it in that area. So, sa sunod nating pagkikita mga mahal kong kababayan. Now, we go home. Stay behind. *[applause]*

— END —